

PRIMARYANG ELEKSIYON


ng California

Martes, Ika-2 ng Marso, 2004

SERTIPIKO NG KATUMPAKAN

Ako, si Kevin Shelley, Sekretaryo ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay na ang mga panukalang-batas na nakalagay rito ay isusumite sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Primaryang Eleksiyon na gaganapin sa lahat ng dako ng Estado ng California sa ika-2 ng Marso, 2004 at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-6 na araw ng Enero, 2004.


Kevin Shelley
Sekretaryo ng Estado



Opisyal na Patnubay na
Impormasyon sa Botante

SUPLEMENTO

SEKRETARYO NG ESTADO

Mahal Kong Kapwa Botante,

Maaaring natanggap na ninyo ang ang "regular" na Patnubay na Impormasyon ssa Botante para sa eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004. Ang regular na Patnubay ay may berdeng pabalat.

Ipinadadala namin sa inyo itong Suplementong Patnubay na Impormasyon sa Botante (asul na pabalat) para sa eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004, upang magkaloob sa inyo ng impormasyon sa mga panukalang-batas na huli na nang maging kuwalipikado sa balota para mapasama sa regular na Patnubay.

Itong Suplementong Patnubay na Impormasyon sa Botante ay kabilang ang impormasyon tungkol sa mga Panukala 57 (Ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya) at 58 (Ang Batas sa Balanseng Badyet ng California).

Gaya ng dati, hinihimok namin kayo na maingat na basahin ang mga materyal na ito. Umaasa kami na bibisitahin din ninyo ang website ng Sekretaryo ng Estado sa www.MyVoteCounts.org para sa karagdagang impormasyon tungkol sa eleksiyon ng Marso.

Pinakamahalaga, huwag kalilimutang bumoto sa ika-2 ng Marso!

**myVote
COUNTS**
www.MyVoteCounts.org



MGA NILALAMAN

		PAHINA
	Kabuuran ng Panukalang-batas sa Balota	3
Batas sa Bono		
PANUKALA 57	Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya.	4
Pambatasang Susog sa Konstitusyon		
PANUKALA 58	Batas sa Balanseng Badyet ng California.	10
	Pangkalahatang-tanaw sa Utang sa Bono ng Estado	16
Mga Pahina Ukol sa Impormasyon sa Botante		
	Batas sa mga Karapatan ng Botante	2
	Teksto ng mga Iminumungkahing Batas	18

BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay isang balidong nakarehistrong botante. Ang balidong nakarehistrong botante ay nangangahulugang isang mamamayan ng Estados Unidos na residente ng estadong ito, na hindi kukulangin sa 18 taong gulang at wala sa bilangguan o hindi parolado sa pagkakasalang peloni, at nakarehistro upang bumoto sa kanyang kasalukuyang address na tirahan.
2. Ikaw ay may karapatang bumoto ng pansamantalang balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa listahan ng botante.
3. Ikaw ay may karapatang bumoto kung ikaw ay naroroon at nakapila sa lugar na botohan bago magsara ang mga botohan.
4. Ikaw ay may karapatang bumoto ng sekretong balota na malaya sa mga pananakot.
5. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng isang bagong balota kung, bago iboto ang iyong balota, sa palagay mo ay nagkamali ka.
Kung sa anumang oras bago mo iboto ang iyong balota, nadama mo na nagkamali ka, may karapatan kang palitan ng bagong balota ang nasira o narumihang balota. Ang mga botanteng nagpapadala lamang ay maaari ring humiling at tumanggap ng bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang nasirang balota sa opisyal sa mga eleksiyon bago magsara ang mga botohan sa Araw ng Eleksiyon.
6. Ikaw ay may karapatang tumanggap ng tulong sa pagboto, kung hindi ka makaboto nang walang tulong.
7. Ikaw ay may karapatang ibalik ang kinumpletong balota ng nagpapadala lamang sa anumang presinto sa county.
8. Ikaw ay may karapatan sa mga materyal sa eleksiyon sa ibang wika, kung may sapat na bilang ng mga residente sa inyong presinto na nagbibigay-katwiran sa paggawa ng mga ito.
9. Ikaw ay may karapatang magtanong tungkol sa mga pamamaraan sa eleksiyon at obserbahan ang proseso ng mga eleksiyon. Ikaw ay may karapatang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal sa eleksiyon tungkol sa mga pamamaraan sa eleksiyon at tumanggap ng sagot o ituro sa angkop na opisyal para sagutin. Gayunman, kung ang walang-lubay na pagtatanong ay nakakagambala sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, ang lupon ng mga opisyal sa eleksiyon ay maaaring putulin ang pagsagot sa mga tanong.
10. Ikaw ay may karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa lokal na opisyal sa mga eleksiyon o sa Opisina ng Sekretaryo ng Estado.

Kung sa palagay mo ay ipinagkait sa iyo ang alinman sa mga karapatang ito, o kung may nalaman kang pandaraya o maling gawain sa eleksiyon, mangyaring tawagan ang mula sa Sekretaryo ng Estado na walang-bayad at kompidensiyal na

TAWAGAN PARA PROTEKSIYON NG BOTANTE

1-800-345-VOTE (8683)

Sekretaryo ng Estado | Estado ng California

KABUURAN NG PANUKALANG-BATAS SA BALOTA

PANUKALA
57

Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya.

Batas sa Bono
Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Kabuuran

Minsanang bono na hanggang labinlimang bilyon dolyar (\$15,000,000,000) upang alisin ang kakulangan. Tama sa Pananalapi: Isang-beses na pagtaas, kumpara sa naunang inawtorisang bono, na hanggang \$4 na bilyon upang bawasan ang kakulangan sa badyet ng estado at taunang matitipid sa serbisyo ng utang sa susunod na ilang taon. Ang mga epektong ito ay aalisan ng bisa ng mas mataas na taunang gastos sa serbisyo ng utang sa mga susunod na taon dahil sa mas matagal na taning at mas malaking sukat ng bonong ito.

Ang Kahulugan ng Inyong Boto

Oo

Ang botong **OO** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay magbebenta ng \$15 bilyon sa mga bono upang bayaran ang mga kasalukuyang obligasyon ukol sa badyet.

Hindi

Ang botong **HINDI** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi magbebenta ng \$15 bilyon na bono, at sa halip ay magbebenta ng mga bonong naunang inawtorisa ng Lehislatura upang magbayad ng mas maliit na antas ng kasalukuyang obligasyon ukol sa badyet.

Mga Pangangatwiran

Pabor

Para sa tatlong taon, ang paggasta ng pamahalaan ng estado ay lumampas sa mga kita, lumikha ng kakulangan. Ang panukalang-batas na ito ay mag-iisa ng kakulangan at bibigyan ng kakayahan ang California na ayusin ang mga pananalapi nito--nang hindi magtataas ng mga buwis. Ang Panukala 57 ay pipigilan ang estado na maubusan ng pera at pipigilan ang malalaking pagputol sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan.

Kontra

Ang Panukala 57 ay hindi nagtatapos sa ating kakulangan. Ito ay nag-aantala at saka nagtataas nito. Inilulubog nito tayo sa \$15 bilyon pang utang--at maraming bilyon pa sa interes--magkakahalaga ng higit sa \$2,000 kada pamilya. Ang pagbawi ay nagsabi sa Sacramento: **WALANG MGA Bagong Buwis. ANG HINDI SA 57 AY MAGSASABI SA KANILA:** itigil ang paghiram at sobrang paggasta.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Panig

Tom Hiltachk
Join Arnold
455 Capitol Mall, Suite 801
Sacramento, CA 95814
916-442-7757
info@joinarnold.com
www.joinarnold.com

Laban

Senator Tom McClintock
1029 K Street, Suite 44
Sacramento, CA 95814
916-448-9321
http://tommcclintock.com

PANUKALA
58

Ang Batas sa Balanseng Badyet ng California.

Pambatasang Susog sa Konstitusyon
Inilagay sa Balota ng Lehislatura

Kabuuran

Nag-aatas ng pagpapatibay ng isang balanseng badyet, hinaharap ang mga emerhensiyang ukol sa pananalapi, at nagtatatag ng isang reserbang badyet. Tama sa Pananalapi: Mga netong epekto sa pananalapi ng estado na hindi alam at mag-iiba taun-taon, depende ang bahagi sa mga aksiyon ng mga lehislatura sa hinaharap. Ang mga probisyon ukol sa reserba ay maaaring magpakinis ng paggasta ng estado, na may mga kabawasan kapag lumalawak ang ekonomiya at mga pagtaas sa panahon ng mga kahinaan. Ang mga probisyon na nag-aatas ng mga balanseng badyet at paglimita sa paghiram na batay sa kakulangan ay puwedeng magresulta sa mas mabibilis na aksiyon upang iwasto ang mga kakulangan sa badyet.

Ang Kahulugan ng Inyong Boto

Oo

Ang botong **OO** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang Konstitusyon ng Estado ay sususugan upang magtadhana ng: (1) pagpapatibay sa isang balanseng badyet ng estado, (2) mga iniaatas na reserbang badyet ng estado, at (3) mga limitasyon sa paghiram sa hinaharap upang tustusan ang mga kakulangan sa badyet ng estado.

Hindi

Ang botong **HINDI** sa panukalang-batas na ito ay nangangahulugang: Ang Konstitusyon ng Estado ay hindi sususugan upang magdagdag ng mga bagong iniaatas ukol sa mga gawain sa badyet ng estado.

Mga Pangangatwiran

Pabor

Ang Panukala 58 ay mag-aatas sa Gobernador at sa Lehislatura na magpatibay ng isang balanseng badyet. Ito ay mag-aatas ng paggasta na hindi lalampas sa kita sa bawat taon ng pananalapi at mag-aatas ng pagtatayo ng hingi kukulangin sa \$8 bilyon na reserba. Ito ay magbabawal ng paghirap sa hinaharap upang bayaran ang mga kakulangan.

Kontra

Sa \$15 bilyon na bono, tayo ay **INAASAHANG** magkaroon ng isang malakas na panukala para sa limitasyon sa paggasta. Pero ang Panukala 58 AY **HINDI NAGLILIMITA SA PAGGASTA!** Ito ay nagpapahintulot ng panandaliang paghiram upang balansehin ang badyet, ang reserba sa badyet sa karamihan ay hindi napoprotektahan, at ang pinto ay maluwang na nakabukas para sa maramihang pagtaas ng paggasta at mas matataas na buwis.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Panig

Tom Hiltachk
Join Arnold
455 Capitol Mall, Suite 801
Sacramento, CA 95814
916-442-7757
info@joinarnold.com
www.joinarnold.com

Laban

Richard Rider
San Diego Tax Fighters
10969 Red Cedar Drive
San Diego, CA 92131
858-530-3027
rrider@san.rr.com

TITULO AT KABUURAN NG BALOTA*Inihanda ng Abugado Heneral***Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya.**

- Isang minsanang Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya na hanggang labinlimang bilyon dolyar (\$15,000,000,000) upang bayaran ang natipong kakulangan ng Pangkalahatang Pondo sa pagdating ng ika-30 ng Hunyo, 2004.
- Ang Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ay ipapalabas kung ang Batas sa Bono Para sa Balanseng Badyet ng California ay aaprobahan din ng mga botante.
- Ang mga bono ay gagarantiyahan ng mga kasalukuyang kita sa buwis at ng ibang mga kita na maidedeposito sa isang espesyal na pondo.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Isang-beses na pagtaas, kumpara sa naunang inawtorisang bono, na hanggang \$4 na bilyon upang bawasan ang kakulangan sa badyet ng estado.
- Taunang matitipid sa serbisyo ng utang sa susunod na ilang taon.
- Ang mga epekto sa itaas ay mawawalan ng bisa sa mga susunod na taon ng mas mataas na taunang serbisyo sa utang dahil sa mas malaking sukat ng bonong ito at ng mas matagal na panahon ng pagbabayad dito.

Mga Huling Boto ng Lehislatura sa ABX5 9 (Panukala 57)

Asembleya:	Oo 65	Hindi 13
------------	-------	----------

Senado:	Oo 27	Hindi 12
---------	-------	----------

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Batayan

Pinakahuling mga Problema ng California sa Badyet. Ang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng California ay sumusuporta sa iba-ibang programa, kabilang ang mga pampublikong paaralan, mas mataas na edukasyon, kalusugan, mga serbisyong panlipunan, at mga bilangguan. Ang Pangkalahatang Pondo ay nakaranas ng patuloy na kakulangan sa pagitan ng mga kita at paggasta mula noong 2001-02, nang ang pagbagsak ng ekonomiya at pamilihan ng sapi ay naging sanhi para mabawasan nang malaki ang mga kita. Upang harapin ang mga kakulangang ito, ang mga gumagawa ng patakaran ay nagbawas ng mga paggasta ng programa, nagtaas ng mga kita, at gumawa ng iba-ibang hakbang. Gumawa rin sila ng iba-ibang paraan ng paghiram mula sa mga espesyal na pondo, lokal na pamahalaan, at pribadong pamilihan ng kredito.

Bonong Pagtustos sa Kakulangan. Ang isa sa mga pangunahing aksiyon na ginawa upang harapin ang inaasahang kakulangan ng badyet sa kasalukuyang taon (2003-04) ay ang pag-aawtorisa ng \$10.7 bilyon na bonong pagtustos sa kakulangan. Ang layunin ng bonong ito ay “linisin nang walang natitira” at alisin ang natitipong kakulangan sa badyet na kung mananatili sana sa katapusan ng 2002-03. Ito ay magpapahintulot sa estado na iwasan ang mas matinding aksiyon sa badyet na maaaring kailanganin upang lubos na alisin ang kakulangan. Ang pagbabayad ng kasalukuyang inawtorisang bono ay ibabatay sa maraming-hakabang na proseso ng pagtustos (tingnan ang dinilimang kahon para sa mga detalye). Ito ay magrerresulta sa taunang gastos ng Panukalang pondo na katumbas ng kalahating sentimo ng buwis sa pagbebenta ng California—o mga \$2.4 bilyon sa 2004-05 at tataas nang

Pagbabayad ng mga Bono sa Kakulangan

Kasalukuyang \$10.7 Bilyon na Bono. Ang naunang inawtorisang bonong pagtustos sa kakulangan ay idinisenyo upang bayaran sa pamamagitan ng maraming-hakbang na proseso na “pinalalaya” ang daloy ng kita na nakalaan lamang sa pagbabayad ng bono. Ito ay ukol sa:

- Sa paglipat ng kalahating sentimong bahagi ng buwis sa pagbebenta mula sa mga lokal na pamahalaan sa isang espesyal na pondong nakalaan sa pagbabayad ng bono.
- Ang isang paglipat ng mga buwis sa ari-arian mula sa mga distrito patungo sa mga lokal na pamahalaan ay napupunuan ang nawala sa buwis sa pagbebenta
- Idinagdag na pagbabayad ng Pangkalahatang Pondo ng estado sa mga distrito ng paaralan upang palitan ang kanilang mga inilipat na buwis sa ari-arian.

Bilang resulta ng mga paglipat na ito, walang netong tama sa mga lokal na pamahalaan o mga distrito ng paaralan. Ang buong gastos sa pagbabayad ng bono ay inaako ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

\$15 Bilyon na Bonong Panukala 57. Sa ilalim ng panukalang ito, ang pagbabayad ng bono ay inilarawan sa itaas ay magiging kapareho, maliban sa ang halaga ng mga kitang inilipat ay magiging katumbas ng isang-kuwartong sentimo ng buwis sa pagbebenta ng estado sa halip ng kalahating sentimo. Ang buong gastos sa pagbabayad ng bono ay patuloy na babalikatin ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

kainaman bawat taon pagkaraan—hanggang ang bono ay mabayaran (sa mga limang taon).

Itong bono para sa kakulangan ay kasalukuyang sinasalungat sa hukuman at hindi pa naipapalabas. (Sa ngayon, ang natitirang kakulangan sa 2002-03 ay tinutustusan sa pamamagitan ng panandaliang paghiram, na dapat bayaran sa Hunyo 2004.)

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

Inaasabang Kakulangan sa 2004–05. Ang estado ay humaharap sa isa pang malaking kakulangan sa badyet sa 2004-05, na tinatantiya namin na aabot ng \$15 bilyon. Ang tantiyang ay nagpapapalagay na ang kasalukuyang inawtorisang \$10.7 bilyon na bonong pagtustos sa kakulangan ay ibinebenta at ang natitira sa kakulangan ng 2002-03 ay inaalis sa mga libro. Kung wala ng mga nalikom sa bono mula sa pagbebang ito, ang kakulangan sa badyet ay magiging mas malaki.

Mungkahi

Ang panukalang ito ay iniharap sa mga botante ang pag-awtorisa sa estado na mag-isyu ng isang bono na hanggang \$15 bilyon o harapin ang kakulangan nito sa badyet. Ang bonong inawtorisa ng panukalang-batas na ito ay gagamitin sa halip ng bonong pagtustos sa kakulangan na inawtorisa noong isang taon ng Lahislatura.

Pagbabayad ng Iminumungkahing Bono. Ang pagbabayad ng bono ay magrerresulta sa taunang gastos ng Pangkalahatang Pondo na katumbas ng isang-kuwartong sentimo ng mga kita sa buwis sa pagbebenta ng California, kumpara sa mga gastos na katumbas ng kalahating sentimo ng mga kita sa buwis sa pagbebenta para sa kasalukuyang inawtorisang bono. Bilang karagdagan, ang mga partikular na pondong inilipat sa Kuwenta sa Pagpapatatag ng Badyet ng estado (nilikha ng Panukala 58 sa balotang ito) ay gagamitin upang pabilisin ang pagbebenta ng bono. Ang panukalang-batas ay kabilang ang panghaliling garantiya na kung ang mga kita sa buwis sa pagbebenta na nakalaan sa bono ay hindi supat upang mabayaran ang prinsipal na bono at interes sa alinmang taon, pupunuan ito ng Pangkalahatang Pondo.

Ang panukalang-batas na ito ay magkakabisa lamang kung ang Panukala 58 sa balotang ito ay inaprobahan din ng mga botante.

Mga Epekto sa Pananalapi

Ang mga epekto sa pananalapi ng iminumungkahing bono ay isanabuod sa Figura 1, at inihambing sa kasalukuyang inawtorisang bonong pagtustos sa kakulangan. Ang iminumungkahing bono ay magrerresulta sa madaling-taning na matitipid sa badyet kumpara sa bonong inawtorisa sa kasalukuyang batas, pero nagdagdag ng taunang gastos sa mas matagal na taning. Sa paglilinaw:

Madaling-Taning na Matitipid. Ang mga nalikom mula sa iminumungkahing bono ay magiging hanggang \$4 bilyon na higit sa mula sa kasalukuyang inawtorisang bono Ito ay magkakaloob sa estado ng hanggang \$4 bilyon sa karagdagan isang-beses na mga pondo upang harapin ang kakulangan sa badyet. Ang estado ay magkakaroon din ng madaling-taning na matitipid na may kaugnayan sa serbisyo ng utang sa bono. Ito ay dahil sa ang mga pagbabayad ay maaaring ibatay sa isang kuwartong sentimos ng taunang mga buwis sa pagbebenta sa halip ng kahalating sentimos. Bunga nito, ang taunang gastos ng Pangkalahatang pondo ay magiging kalahati ng kasalukuyang inawtorisang bono para sa susunod na ilang taon.

Gastos sa Mas Matagal na Taning. Ang madaling-taning na matitipid ay pawawalan ng epekto ng mas mataas na gastos sa mas matagal na taning. Ito ay dahil ang iminumungkahing bono ay magiging mas malaki ((\$15 bilyon kontra sa \$10.7 bilyon) at ito ay mas matagal bayaran. Gaya ng ipinabatid sa Figura 1, ang iminumungkahing bono ay malamang na umabot ng 9 at 14 na taon para mabayaran, kumpara sa isang 5-taong panahon para sa kasalukuyang inawtorisang bono.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

FIGURA I

Paghahambing ng Bonong Inawtorisa sa Panukala 57
Sa Naunang Inawtorisang Bono

	Bono ng Panukala 57	Naunang Inawtorisang Bonong Pagtustos sa Kakulangan
Halaga ng Bono	\$15 bilyona ^a	\$10.7 bilyon
Taunang Gastos ng Pangkalahatang Pondo:		
• Taunang gastos na may kaugnayan sa paglipat ng buwis sa pagbebenta.	\$1.2 bilyon ^b	\$2.4 bilyon ^b
• Maaaring taunang kabayaran mula sa reserba ng Panukala 58: ^c		
	\$425 milyon sa 2006–07	–
	\$900 milyon sa 2007–08	–
	\$1.45 bilyon sa 2008–09 ^d	–
Taon upang Mabayaran ang Bono:		
• Gumagamit ng mga kita lamang ng buwis sa pagbebenta.	14	5
• Ipinapalagay ang pinakamalaking \$5 bilyon na kontribusyon mula sa reserba ng Panukala 58.	9	–

^a Mga netong nalikom sa Pangkalahatang Pondo ay malamang na kulang, depende sa iniaatas na reserba at ibang mga bagay.

^b Ang gastos ay para sa 2004-05. Ang mga halaga ay tataas nang kainaman taun-taon pagkaraan.

^c Batay sa mga inaaasahan ng LAO ng kita sa taon at ipinapalagay na walang pagsuspinde ng paglipat ng reserba.

^d Ang mga halagang ito ay tataas nang kainaman pagkaraan hanggang ang natipong kabuuan mula sa reserba ay umabot ng \$5 bilyon.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 57

Ang paggasta ng pamahalaan ng Estado sa California ay walang kontrol. Sa nakaraang tatlong taon, ang paggasta ng estado ay lumampas ng malaki sa mga kita ng estado.

Ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay mag-iisa sa kakulangan at BIBIGYAN NG KAKAYAHAN ANG CALIFORNIA NA AYUSIN ANG BAHAY NITO—NANG HINDI MAGTATAAS NG MGA BUWIS.

Ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay pipigilan ang estado na maubusan ng pera at pipigilan ang malalaking pagbawas sa paggasta sa mahahalagang programang tulad ng edukasyon at pangangalagang pangkalusugan.

Ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng California ay hindi magkak-abisa maliban kung aprobahan ng mga botante ang Batas sa Balanseng Badyet ng California, na NAGBABAWAL NG PAGHIRAM UPANG MABAYARAN ANG MGA KAKULANGAN at nag-aatas na pagpapatibay ng isang BALANSENG BADYET.

Ang Batas sa Balanseng Badyet ng California ay nagtatadhana rin ng pondo na hanggang \$5 bilyon na magagamit upang BAYARAN ANG MGA BONO NANG MAAGA. Ito ay nagkakaloob para sa isang RESERBA na hindi kukulangin sa \$8 bilyon, na magagamit upang PIGILAN ANG MGA KAKULANGAN SA BADYET SA HINAHARAP.

Nitong nakaraang taon, ang estado ay nag-aproba ng \$12.9 bilyon sa mga bono upang iretiro ang mga natipong kakaulangan sa badyet. Ang mga hukuman ay nagdeklara na ang pagpapalabas ng isang bono ay labag sa konstitusyon at ang iba ay napapailalim sa pagsalungat na pambatas dahil ang mga ito ay hindi inaprobahan ng mga botante. Mula noon, ang estado ay nakatipon ng mas malaking

kakulangan sa badyet. ANG PANUKALA 57 AY LEGAL NA MAGBABAGO NG KAYARIAN AT PAGTUSTOS NG UTANG NA IYON SA PAG-APROBA NG MGA BOTANTE.

Kung wala ng bonong ito, ang Estado ng California ay maaaring mawalan ng pera pagdating ng Hunyo. Upang harapin ang isang kalamidad na ganyang kalaki sa ganyang kaikling panahon, ang tanging mapipili ay malalaking pagtaas ng mga buwis. Ang Bono sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay magbibigay sa atin ng kakayahan na muling ipatustos ang minanang utang at bigyan ang estado ng panahon na harapin ang kakulangan sa kayarian.

Ang Bono sa Pagbuti ng California at ang Batas sa Balanseng Badyet ng California, ang Panukala 58, ay magkasamang magbibigay sa mga lider ng California ng kasangkapan kailangan upang ibalik ang tiwala sa pamamahala ng pananalapi ng Estado.

Mangyaring sumama kay Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo Jack O'Connell, sa Kapisanan ng mga Nagbubuwis ng California, Kontroler ng Estado Steve Westly, Kamara de Komersiyong ng California at Gobernador Arnold Schwarzenegger sa pagsuporta sa Panukala 57. Ito lamang ang paraan upang matiyak ang kinabukasan ng California.

ARNOLD SCHWARZENEGGER, *Gobernador*
Estado ng California

LARRY MCCARTHY, *Presidente*
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

ALLAN ZAREMBERG, *Presidente*
Kamara de Komersiyong ng California

SAGOT sa Pangangatwirang Panig sa Panukala 57

Sinasalungat ng mga tagapagtaguyod ang kanilang mga sarili. Sinasabi nila na ang paggasta ay walang kontrol, pero kasabay nito ay sinasabi nila na ayaw nilang bawasan ito.

Kaya ang kanilang sagot ay humiram ng hindi pa nangyayaring \$15 bilyon—kasama ang interes—at patuloy na gumasta. Iyan ay higit sa \$2,000 para sa bawat pamilya sa California.

Kung ang paggasta ng estado ay binawasan ng 13.4 porsiyento mula sa kasalukuyang antas, ang buong kakulangan ay malulunan sa 18 buwan. Ang iyan ay 15 porsiyento pa rin na mas malaki sa ginagasta natin nang maging gobernador si Gray Davis.

Ang mga tagapagtaguyod ay nagsasabi na hindi ito magtataas ng mga buwis. Saan sa palagay nila manggagaling ang pera upang bayaran ang \$15 bilyon sa mga utang at ang bilyun-bilyon pa sa

interes? Sa huli, ito ay dapat manggaling sa mga pagbawas na sinabi na ng mga tagapagtaguyod na ayaw nilang gawin—o mula sa mga itinaas na buwis.

Ang Panukala 57 at 58 ay walang ginagawa upang bawasan ang walang kontrol na paggasta ng estado na nagpalaki ng badyet ng estado mula \$57.8 bilyon limang taon na ang nakaraan patungo sa isang inaasahang \$90.2 bilyon sa susunod na taon. Ang mga ito ay nagpapahintulot sa pulitika na magpatuloy na gaya ng dati sa Sacramento: gumasta, humiram at magbuwis.

SENADOR TOM McCLINTOCK

SENADOR BILL MORROW

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 57

Ang California ay may utang na maraming bilyong dolyar. Ang walang kontrol na paghiram ay naging dahilan na upang magkaroon ang California ng pinakamababang antas ng kredito sa bansa—kapantay ng maraming bansa sa Mahihirap na Bansa.

Ang Panukala 57 ay naglubog sa atin sa \$15 bilyon NA HIGIT PANG UTANG—at may mga bilyon pa sa interes. Kabuuangserbisyo sa utang mula sa Panukala 57 ay magkakahalaga sa pangkaraniwang pamilya ng higit sa \$2,000.

Ano ang mabibili nito? WALA. Ito ay walang mabibili kahit isang paaralan, daan o parke. Ito ay walang inilalagay na kahit isang pulis sa kalye o inaalis na anumang pagsisikip ng trapiko. Ito ay mga papel lamang sa malaking kakulangan na nilikha ng mga pulitiko ng Sacramento.

Sa halip ng pagbawas ng pag-aaksaya mula sa burukrasya ng pamalahaan at pag-asinta ng pandaraya para sa pag-alis, nagpasiya sila na gamitin ang pinakamalaking bono sa kasaysayan ng California upang masakop ang kanilang pagkasugapa sa paggasta.

Mula noong 1849, ang Konstitusyon ng California ay nagbawas sa mga bonong ito na gamitin upang lunasan sa kasulatan ang paggastang batay sa kakulangan. Ang mga pangmatagalang bono ay inaasahang gamitin sa mga mga proyeto sa paaralan, parke, haywey at tubig na maglilingkod sa darating na henerasyon. Upang ilagay itong hindi

pa nangyayaring paghirap sa balota, ang mga pulitiko ding ito ang nagmungkahi na pawalang-bisa itong makasaysayang susog sa konstitusyon—at may lakas ng loob na tawaging ito na "isang susog na balanseng badyet."

Limang taon na ang nakaraan, ang California ay gumasta ngt \$57.8 bilyon mula sa Pangkalahatang Pondo. Sa susunod na taon, ito ay gagasta ng \$90.2 milyon.

Sa halip na magdagdag ng higit sa isang bilyon dolyar na karagdang serbisyo sa utang sa badyet ng estado *taun-taun* para sa buhay nitong bono, kailangan nating suspendihin ang mga kautusan sa paggasta ng estado at ibalik ang kapangyarihang taglay ng Gobernador mula 1939 hanggang 1983 upang gumawa ng mga pagbawas ng paggasta sa kalagitnaan ng taon.

Ang eleksiyon ng ika-7 ng Oktubre ay nagpadala sa Sacramento ng mahalagang mensahe: WALANG MGA BAGONG BUWIS.

Ang botong HINDI sa Panukala 57 ay nagpapadala sa kanila ng isa pa: ITIGIL ANG PAGHIRAM, ITIGIL ANG SOBRANG PAGGASTA at AYUSIN ANG ATING PANANALAPI!!!

SENADOR TOM McCLINTOCK

SENADOR BILL MORROW

SAGOT SA Pangangatwirang Laban sa Panukala 57

Ang Lehislatura ng California ay nag-aproba na ng \$12.9 bilyon sa mga bono upang iretiro ang mga natipong kakulangan sa badyet. Ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay nagbibigay sa mga botante ng kapangyarihan na APROBAHAN ANG MATALINONG PLANONG PAG-BABAGONG-AYOS para sa California.

Si Gobernador Arnold Schwarzenegger ay nagmungkahi ng Planong Pagbuti ng Ekonomiya ng California upang BIGYAN NG KAKAYAHAN ang California NA AYUSIN ANG BAHAY NG PANANALAPI—NANG HINDI NAGTATAAS NG BUWIS. Kung walang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California, ang estado ay puwedeng maubusan ng pera, wala nang mapipili kundi gumawa ng malalaking pagbawas sa paggasta sa mahahalagang programa tulad ng edukasyon at pangangalagang pangkalusugan o malaking pagtaas ng buwis. Ang Panukala 57 magbibigay sa ating ng kakayahan na muling ipatusos ang minanang utang at bigyan ang estado ng panahon na harapin ang kakulangan sa kayarian.

Tandaan, ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay hindi magkakabisa maliban kung aprobahan ng mga botante ang Batas sa Balanseng Badyet ng California. Huwag palinlang sa kalaban, ang Batas sa Balanseng Badyet ng California

ay NAGBABAWAL KAHIT KAILAN SA PAGHIRAM UPANG BAYARAN ANG MGA KAKULANGAN at mag-aatas ng pagpatibay ng isang BALANSENG BADYET.

Kailangan ni Gobernador Schwarzenegger ang Panukala 57 at 58 upang pumasa. Ito ay magbibigay sa kanya ng mga kasangkapang kailangan upang ITIGIL ANG PAGHIRAM, ITIGIL ANG SOBRANG PAGGASTA, at IBALIK SA KAAYUSAN ANG ATING PANANALAPI.

Mangyaring sumama kay Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo Jack O'Connell, sa Kapisanan ng mga Nagbubuwis ng California, Kontroler ng Estado Steve Westly at sa Kamara de Komersiyo ng California at BUMOTO NG "OO" sa Panukala 57. Ito lamang ang paraan upang matiyak ang kinabukasan ng California.

ARNOLD SCHWARZENEGGER, *Gobernador*
Estado ng California

LARRY McCARTHY, *Presidente*
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California

CARL GUARDINO, *Presidente*
Grupo sa Pagmanupaktura ng Silicon Valley

TITULO AT KABUURAN NG BALOTA*Inihanda ng Abugado Heneral***Batas sa Balanseng Badyet ng California.**

- Nag-aatas ng pagpapatibay ng isang balanseng badyet kung saan ang mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo ay hindi lalampas sa tinantiyang mga kita ng Pangkalahatang Pondo.
- Nagpapahintulot sa Gobernador na magproklama ng emerhensiya sa pananalapi sa mga tinukoy na pagkakataon, at magsumite ng iminumungkahing batas upang harapin ang emerhensiya sa pananalapi.
- Nag-aatas sa Lehislatura na itigil ang ibang aksiyon at umakto sa batas na iminungkahi upang harapin ang emerhensiya.
- Nagtatatag ng isang reserbang badyet.
- Nagtatadhana na ang Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay para sa iisang bagay o trabaho.
- Nagbabawal sa anumang mga bono ukol sa kakulangan sa hinaharap.

Kabuuran ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:

- Hindi alam na mga netong epekto sa pananalapi ng estado, na mag-iiba taun-taon at depende ang bahagi sa mga aksiyon ng mga lehislatura sa hinaharap.
- Ang mga probisyon ukol sa reserba ay maaaring magpakinis ng paggasta ng estado, na may mga kabawasan kapag lumalawak ang ekonomiya at mga pagtaas sa panahon ng mga kahinaan.
- Ang mga probisyon sa balanseng badyet at limitasyon sa utang ay puwedeng magresulta sa mas mabilis na mga aksiyon upang iwasto ang mga kakulangan sa badyet.

Mga Huling Boto ng Lehislatura sa ACX 5 5 (Panukala 58)

Asembleya:	Oo 80	Hindi 0
------------	-------	---------

Senado:	Oo 35	Hindi 5
---------	-------	---------

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Batayan

Kalagayan ng Badyet ng California

Ang California ay nakaranas ng malaking kahirapan sa badyet sa mga nakaraang taon. Sa isang panahon na matinding paglaki sa mga kita at paggasta sa mga huling taon ng 1990, ang mga kita sa buwis ng estado ay humina noong 2001 at ang badyet ay hindi mabalanse. Bagaman ang mga tagagawa ng polisa ay binawasan ang paggasta sa programa at itinaas ang mga kita upang harapin ang bahagi ng mga kakulangan, ang estado ay may naiwang malalaking kakulangan at gumawa ng paghiram ng malaking halaga. Ang badyet ng estado ay humaharap sa ibang malaking kakulangan sa 2004-05 at ito ay may marami pang ibang obligasyon—tulad ng pag-antala at mga utang mula sa mga espesyal na pondo—na natitira sa panahong ito.

Mga Probisyon ng Konstitusyon na May Kaugnayan sa Pagbadyet at Utang

Maraming probisyon sa badyet- at may kaugnayan sa badyet sa Konstitusyon ng California na nakakaapekto sa panukalang ito.

- ***Iniaatas na Balanseng Badyet.*** Ang Konstitusyon ay nag-aatas ng Gobernador upang isumite bago lumampas ang ika-10 ng Enero ng bawat taon ng isang mungkahi sa badyet ng estado para sa darating na taon ng pananalapi (simula sa ika-1 ng Hulyo) na balanse—nangangahulugang ang tinantiyang mga kita ay dapat makatugon o makalampas sa imunumungkahing paggasta. Kung ito mang iniaatas na balanseng badyet ay umaaplay sa pagsumite ng Gobernador ng badyet sa Enero, ito ay *hindi* umaaplay sa badyet na dinapapanahong ipinasa ng Lehislatura o pinirmahan ng Gobernador.
- ***Pag-aakma ng Badyet sa Kalagitnaan ng Taon.*** Ang Lehislatura ay nakatugon sa espesyal na sesyon sa nakaraang tatlong taon upang isaaalang-alang ang mga mungkahi sa kalagitnaan ng taon upang harapin ang mga kakulangan sa badyet. Gayunman, walang pormal na proseso sa Konstitusyon upang mag-atas na ang mga pangwastong aksiyon sa

kalagitnaan ng taon ay gawin kapag ang badyet ay bumagsak at hindi mabalanse.

- ***Mga Iniaatas na Reserba.*** Ang mga reserbang pondo ay pangkaraniwang ginagamit upang maghanda para sa di-inaasahang kakulangan sa badyet. Ang Konstitusyon ay nag-aatas na ang Lehislatura ay magtatag ng isang makatwirang reserbang pondo ng estado. Gayunman, ito ay hindi tumitiyak ng sukat ng reserba, o ng mga kondisyon kung saan ang mga pondo ay inilagay sa reserba.
- ***Mga Probisyong May Kaugnayan sa Utang.*** Ang Konstitusyon ay pangkaraniwang nag-aatas ng pag-aproba ng botante para sa utang na sinusuportahan ng pangkalahatang awtoridad sa pagbubuwis ng estado. Pagkalipas ng mga taon, ang mga hukuman ay nagpasiya na ang mga partikular na tuntunin ng paghiram (kabilang ang panandaliang paghiram upang masakop ang mga kakulangan sa pera at ilang bonong babayaran mula sa mga *ispesipikong* pinagkukunan ng kita) ay puwedeng mangyari nang walang pag-aproba ng botante. Ang Konstitusyon ay nag-aatas rin na ang mga bono ay isumite sa mga botante para sa pag-aproba para sa "isang bagay o trabaho" gaya ng tinukoy sa kaukulang batas sa bono. Halimbawa, sa mga nakaraang taon, ang mga botante ay hiningan na mag-awtorisa ng mga bono para sa nasabing isang bagay na tulad ng mga pasilidad sa edukasyon, mga proyekto sa tubig, o pagtatayo ng bilangguan.

Mungkahi

Ang panukalang ito ay nagsususog sa Konstitusyon, gumagawa ng mga pagbabago sa (1) pagpapatibay at pagpapanatili ng isang balanseng badyet ng estado, (2) pagtatatag ng mga ispesipikong iniaatas sa reserba, at (3) isang pagbabawal sa hinaharap sa paghiram na may kaugnayan sa kakulangan. Ang mga probisyon ay mas detalyadong tinalakay sa ibaba.

Mga Probisyon sa Balanseng Badyet

Ang panukalang ito ay nag-aatas na ang estado ay gumawa ng balanseng badyet at magtadahana ng mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

pag-aakma sa kalagitnaan ng taon kung ang badyet ay hindi na mabalanse.

Balanseng Badyet. Bilang karagdagan sa kasalukuyang iniaatas na ang Gobernador ay *magmungkahi* ng isang balanseng badyet, ang panukalang ito ay nag-aatas na ang estado ay *magpatibay* ng isang balanseng badyet. Ang mga tinantiyang kita ay kailangang makatugon o lumampas sa tinantiyang paggasta sa bawat taon.

Pag-aakma ng Badyet sa Kalagitnaan ng Taon. Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, kung ang Gobernador ay nagpasiya na ang estado ay humaharap sa malaking kakulangan sa kita o kailangan sa paggasta, ang Gobernador ay maaaring magdeklara ng isang emerhensiya sa pananalapi. Siya ay aatasan na magmungkahi ng batas upang harapinang problema, at tawagan ang Lehislatura para sa espesyal na sesyon para sa layuning iyon. Kung ang Lehislatura ay hindi nagpasa o nagpadala sa Gobernador ng batas upang harapin ang problema sa badyet sa loob ng 45 araw, ito ay pinagbabawalang (1) umakto sa anumang ibang mga panukalang-batas o (2) magkasamang magpahinga hanggang ipasa ang batas.

Mga Iniaatas na Reserba

Ang mungkahi ay nag-aatas na ang isang espesyal na reserba—tinatawag na Kuwenta sa Pagpapatatag ng Badyet (BSA)—ay itatag sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

Mga Taunang Paglipat. Ang isang bahagi ng tinantiyang taunang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay ililipat ng Kontroler ng Estado sa kuwenta nang hindi lalampas sa ika-30 ng Setyembre ng bawat taon ng pananalapi. Ang mga ispesipikong paglipat ay 1 porsiyento (mga \$850 milyon) sa 2006–07, 2 porsiyento (mga \$1.8 bilyon) sa

2007–08, at 3 porsiyento (mga \$2.9 bilyon) sa 2008–09 at pagkaraan. Ang mga paglipat na ito ay magpapatuloy hanggang ang balanse sa kuwenta ay umabot ng \$8 bilyon o 5 porsiyento ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo, alinman ang mas malaki. Ang taunang iniaatas sa paglipat ay magkakaroon ng epekto tuwing ang balanse ay nagkulang sa \$8 bilyon o 5 porsiyentong inaasinta. (Sa kasalukuyang antas ng kita ng Pangkalahatang Pondo—humigit-kumulang na \$75 bilyon—ang iniaatas na antas ng reserba ay malamang na \$8 bilyon para sa kasunod na dekada o higit.)

Pagsuspinde ng mga Paglipat. Ang mga taunang paglipat ay puwedeng suspendihin o bawasan para sa isang taon ng pananalapi ng isang utos ng tagapagpaganap na inisyu ng Gobernador nang hindi kukulangin sa ika-1 ng Hunyo ng naunang taon ng pananalapi.

Paglalaan ng mga Pondo. Bawat taon, 50 porsiyento ng mga taunang paglipat sa BSA ay ilalaan sa isang subkuwenta na nakalaan sa pagbabayad ng bono sa pagbawi sa kakulangan na inawtorisa ng Panukala 57. Ang mga paglipat na ito ay gagawin hanggang maabot nila ang isang natipong kabuuan na \$5 bilyon. Ang mga pondo mula sa subkuwentang ito ay awtomatikong gagastahin para sa serbisyo sa utang sa bonong iyon. Ang mga natitirang pondo sa BSA ay makukuha para sa paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

Paggasta Mula sa Kuwenta. Ang mga pondo sa BAS ay puwedeng ilipat mula sa kuwentang ito sa Pangkalahatang Pondo sa pamamagitan ng isang mayoriyang boto ng Lehislatura at pag-aproba ng Gobernador. Ang paggasta ng mga perang ito mula sa Pangkalahatang Pondo ay magagawa sa iba-ibang layunin—kabilang ang upang masakop ang kakulangan sa badyet—pangkaraniwang sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI (IPINAGPAPATULOY)

pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto ng Lehislatura (katulad ng sa kasalukuyang batas).

Mga Kaugnay na Probisyon sa Panukala 56. Ang Panukala 56 sa balotang ito ay naglalaman din ng bago, pero naiibang, mga iniaatas na may kaugnayan sa reserbang pondo ng estado.

Pagbabawal sa Paghiram na Ukol sa Kakulangan sa Hinaharap

Kasunod ng pag-isyu ng mga bonong inawtorisa sa Panukala 57, ang panukalang ito ay magbabawal sa karamihan sa mga paghiram sa *hinaharap* upang masakop ang mga kakulangan sa badyet. Ang pagbabawal na ito ay para sa mga pangkalahatang obligasyong bono, mga bono sa kita, at ibang mga anyo ng pangmatagalang paghiram. Ang pagbabawal ay *hindi* para sa ibang mga uri ng paghiram, tulad ng (1) panandaliang paghiram upang masakop ang mga kakulangan sa Pangkalahatang Pondo (kabilang ang mga nota ukol sa inaasahang kita o mga pahintulot ukol sa inaasahang kita na kasalukuyang ginagamit ng estado), or (2) paghiram sa pagitan ng mga pondo ng estado.

Ibang mga Probisyon

Ang panukalang-batas na ito ay nagsasaad din na:

- Tungkol sa bonong inawtorisa ng Panukala 57, ang "isang bagay o trabaho" na ang Lehislatura ay maaaring lumikha ng utang ay kabilang—para sa panukalang-batas lamang—ang isang-beses na pagpopondo ng mga natipong kakulangan sa badyet ng estado at ibang mga obligasyon, gaya ng ipinasiya ng Direktor ng Pananalapi.
- Ang mga probisyon nito ay magkakabisa lamang kung ang Panukala 57 sa balotang ito ay inaprobahan ng mga botante.

Mga Epekto sa Pananalapi

Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magkaroon ng iba-ibang epekto sa pananalapi,

depende sa mga kalagayan ng badyet ng hinaharap at mga aksiyon sa hinaharap ng mga Gobernador at Lehislatura. Kabilang sa mga posibleng epekto sa pananalapi ang:

- **Balanseng Badyet at mga Probisyon sa Utang.** Sa mga nakaraang taon, gayon din sa mahihirap na panahon sa badyet sa nakaraan, ang Gobernador at Lehislatura ay laging nagpapahintulot sa mga natipong kakulangan sa badyet na ilipat mula sa isang taon patungo sa kasunod. Ito ay nangangahulugan na ang mga pagbawas sa paggasta at/o o pagtaas ng kita ay mas mababa sa maaaring mangyari sa mga taong iyon. Ang mga probisyon ng panukalang-batas na ito ay nag-aatas ng isang balanseng badyet at pagbabawal ng paghiram ay maglilimita sa paggamit ng estado ng mapipiling ito sa hinaharap. Bunga nito, ang estado ay gagawa sa ilang kaso ng mabibilis na aksiyon upang iwasto ang mga kakulangan sa badyet.
- **Mga Iniaatas na Reserba.** Ang \$8 bilyon na inaasintang reserba na itinatag ng panukalang ito ay mas malaki sa mga halagang kabilang sa mga nakaraang plano sa badyet. Itong mas malaking reserba ay magagamit upang ayusin ang paggasta ng estado sa panahon ng pag-inog ng ekonomiya. Ang paggasta ay maaaring mas kaunti sa mga pagpapalawak ng ekonomiya (habang ang isang bahagi ng mga taunang kita ay inililipat sa reserba), at mas marami sa mga paghina (habang ang mga pondong makukuha sa reserba ay ginagamit upang "maghanda" sa mga pagbawas ng paggasta na kung wala nito ay maaaring kailanganin).
- **Ibang mga Posibleng Epekto.** Ang panukala ay maaaring magkaroon ng maraming ibang mga epekto sa pananalapi ng estado. Halimbawa, kung ang panukalang-batas ay nagresutla sa mas balanseng mga badyet at mas kaunting paghiram sa paglipas ng panahon, ang estado ay makikinabang sa pananalapi mula sa mas mataas na marka ng kredito at mas mababang gastos sa serbisyo ng utang.

PANGANGATWIRANG Panig sa Panukala 58

Ang paggasta ng pamahalaan ng Estado sa California ay walang kontrol. Sa nakaraang tatlong taon, ang paggasta ng estado ay lumampas ng malaki sa mga kita ng estado.

Ang Panukala 58 ay mag-aatas sa Gobernador at sa Lehislatura na MAGPATIBAY NG ISANG BALANSENG BADYET. Sa ngayon, ang Gobernador ay inaatasan lamang na magmungkahi, hindi magpatibay, ng isang balanseng badyet. Ang butas na ito ay humantong sa malaking kakulangan sa badyet ng California.

Ang Batas sa Balanseng Badyet ng California:

AY mag-aatas ng isang BALANSENG BADYET;

AY mag-aatas ng PAGGASTANG HINDI LALAMPAS SA KITA sa bawat taon ng pananalapi;

AY mag-aatas sa mga pangkalahatang pondo na maglagay ng pondo sa "Araw ng Tag-ulan" upang magtayo ng isang RESERBA upang protektahan ang California laban sa mga paghina ng ekonomiya sa hinaharap. Ang Kuwenta sa Pagpapatatag ng Badyet ay gagamitin din upang bayaran nang maaga ang Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California;

AY magpapahintulot sa Gobernador na tumawag ng emerhensiya sa pananalapi kung ang mga kita ay nagkulang sa mga paggasta o kung ang mga paggasta ay lumampas sa mga kita; at

AY magbabawal sa Lehislatura na umakto sa ibang batas o tapusin ang sesyon kahit hindi pa naipapasa ang batas upang harapin ang krisis.

Ang California ay humaharap sa hindi pa nangyayaring kakulangan sa badyet. Ang sobrang paggasta ay humantong sa malulubhang kakulangan na nagbabanta sa kakayanan ng estado na bayaran ang mga singil at gamitin ang mga pamilihan ukol sa pananalapi. Ang panukalang ito ay pananggalang para ito ay HINDI NA MANGYARING MULI. Ang Panukala 58 ay pipigil sa Lehislatura na MAGPATIBAY NG MGA BADYET NA GUMAGASTA NG HIGIT SA TAGLAY NATIN.

Ang Batas sa Balanseng Badyet ng California ay mag-aatas, sa unang pagkakataon, na ang Gobernador at ang Lehislatura ay

magpasa ng isang BALANSENG BADYET. Ang panukalang ito, kasama ng Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California, ay magbibigay sa atin ng mga kasangkapang kailangan natin upang lutasin ang mga krisis sa badyet ng California.

Habang ang California ay humaharap sa hindi pa nangyayaring kakulangan sa badyet sa nakaraang 3 taon, ang problema ay hindi pinansin, ang paggasta ay lumampas sa mga kita, at walang proseso upang harapin ang krisis sa pananalapi. Ang Panukala 58 ay magpapahintulot sa Gobernador na tumawag ng Espesyal na Sesyon ng Lehislatura upang harapin ang krisis sa pananalapi sa hinaharap. Kung ang Lehislatura ay hindi umakto sa loob ng 45 araw, ang mga ito ay hindi makakapagpahinga at hindi sila makakapagpasa ng anumang ibang batas. Ito ay magtutulak sa Gobernador at sa Lehislatura na magtatrabahong magkakasama upang humanap ng solusyon sa problema BAGO MAGING HULI NA.

Ang Bono Para sa Pagbuti ng California, Panukala 57, at ang Batas sa Balanseng Badyet ng California, Panukala 58, ay magkasamang magbibigay sa mga lider ng California ng kasangkapang kailangan upang ibalik ang tiwala sa pamamahala ng pananalapi ng Estado.

Mangyaring samahan si Gobernador Arnold Schwarzenegger, Kontroler ng Estado Steve Westly, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo Jack O'Connell, ang Kamara de Komersiyo ng California, ang Kapisanan ng mga Nagbabayadng Buwis ng California, at lahat ng 80 miyembro ng Asembleya ng Estado ng California—mga Republikano at Demokratiko—at suportahan ang Panukala 58.

ARNOLD SCHWARZENEGGER, *Gobernador*
Estado ng California

HERB J. WESSON, JR., *Ispiker*
Asembleya ng Estado ng California

JENNY OROPEZA, *Tagapangulo*
Komite sa Badyet ng Asembleya

SAGOT sa Pangangatwiran Panig sa Panukala 58

Tanggihan ang lansing ito! Natatandaan ba ninyo ang orihinal na ipinangako sa atin ni Arnold? Bumoto para sa isang malaking \$15 bilyon na bono upang bayaran ang mga nakaraang pagkakamali, at magpapasa tayo ng isang solidong limitasyon sa paggasta upang ang pagkakamaling ganito ay hindi mangyaring muli.

Ang Panukala 57 ay nagbibigay sa atin ng mga bono, pero ang Panukala 58 ay HINDI nagbibigay sa atin ng ANUMANG limitasyon sa paggasta. Ang Lehislatura ay malayang patuloy na gumasta nang sobra, pinapatawan tayo ng mas matataas na buwis at karagdagang utang. Puro sakit na walang pakinabang. Kung aaprobahan natin itong walang-ngiping "plano," marahil ay kailangang humingi tayo ng paumanhin kay Gray Davis!

Oo, ang badyet ay "mababalanse," pero sinasabi NA ng batas na ang badyet ng California ay dapat balansehin. Ang problema ay PAANO ito babalansehin. Ang Panukala 58 ay HINDI nagpoprotekta sa atin laban sa walang katinuang paraan na ginagamit upang balansehin ang badyet—*mga pakulo sa pagkuwenta at panandaliang paghiram*.

Sinasabi ng mga tagapagtaguyod na ang Panukala 58 ay nag-aatas na "ang paggasta ay hindi lumampas sa kita sa bawat taon ng pananalapi." Ang pahayag na ito ay walang katotohanan, at alam nila nito. Tulad sa nakaraan, ang panandaliang paghiram ay nagpapahintulot ng paggasta na sobra sa natanggap na kita.

Oo, ang buong Asembleya ng Estado ay bumoto para sa panukalang-batas na ito. Pero natatandaan natin ang ibang panukalang-batas na tumanggap ng mga nasabing nagkakaisang pag-aproba ng dalawang partido—ang maraming kahinaan na deregulasyon ng singil sa koryente na pinagkakagastahan natin ng bilyun-bilyong dolyar.

Ang Panukala 58 ay walang ginagawa maliban sa pagbibigay-katwiran sa pagbebenta ng mga bono. Ang ipinagmamalaking reserbang badyet ay walang proteksiyon sa malaking bahagi. Ang Panukala 58 ay WALANG LIMITASYON SA PAGGASTA, iniitwan ang pinto na maluwan na nakabukas para sa karagdagang paghiram at mas mataas na buwis.

Pilitin ang Sacramento na pumanatag. Bumoto ng HINDI sa Panukala 58.

RICHARD RIDER, *Tagapangulo*
Mga Lumalaban sa Buwis ng San Diego

BRUCE HENDERSON, *Presidente*
Kapisanan ng mga Nagmamalaskit na Nagbabayad ng Buwis

JOE ARMENDARIZ, *Tagapagpaganap na Direktor*
Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa Santa Barbara

PANGANGATWIRANG Laban sa Panukala 58

Ang kaparehong lehislatura na lumikha ng pinakamalaking kakulangan sa badyet sa kasaysayan ng California ay gusto ngayong tabunan ng kasulatan ang kakulangan sa pamamagitan ng paghiram ng \$15 bilyon, sa kabuuang gastos na higit sa \$2,000 ng bawat pamilya sa California.

Ang ating Konstitusyon ng California ay nagbabawal sa kanila na gawin ito. Mula noong 1849, ang probisyong "isang bagay o trabaho" ng Konstitusyon ay naglimita sa pangmatagalang paghiram sa mga proyektong tulad ng mga paaralan, parke, o tubig na maglilingkod sa susunod na henerasyon. Ang Panukala 58 ay winawalis patabi ang probisyong iyon, at pinahihintulutan sila na gawin ang hindi ginawa ng anumang henerasyon sa kasaysayan ng California—*magnakaw mula sa kinabukasan*.

Sa panahon na ang estado ay may pinakamababang antas ng kredito sa bansa—hinahamon ang Singapore at Malaysia—gusto nilang humiram ng karagdagang \$15 bilyon upang bayaran ang kanilang sariling pagkakamali—*AT ISASAKSAK SA INYO ANG PAGBABAYAD*. Hindi ipahihintulot ng ating Konstitusyon na ito ay gawin nila. Pero ang Panukala 58 ay sinisira ang probisyong iyon, ginagawang posible para sa kanila na ilubog tayo sa \$15 bilyon pang utang. Iyan ang *tunay* na dahilan ng Panukala 58.

Mayroon pa silang *lakas ng loob* na tawagin itong "Batas sa Balanseng Badyet." Paano nila nagagawa ito? Simple. Sinuspinde nila ang batas na gumagarantiya sa inyo ng walang-kinikilalang titulo at kabuuran ng balota—sa halip ay literal na isinulat nila ito. Si Daniel Weintraub, marahil ay ang pangunahing iginagagalang na kolumnista ng pahayagan sa California, ay sumulat na "*ang iniaatas na balanseng badyet ay hindi aktuwal na nag-aatas na aprobahan ng mga mambabatas ang isang balanseng badyet*."

Huwag paloloko. Ang Konstitusyon ng California ay nagbabawal na sa pangmatagalang paghiram na gamitin upang balansehin ang badyet. Iyan ang bahaging sinususpinde nila! Humantong tayo sa problemang ito dahil sa panandaliang paghiram—at *ang panandaliang paghiram ay di-saklaw na Panukala 58*. Gaya ng Sinabi ni Weintraub, ang Panukala 58 "*ay hindi nagbabawal sa paghiram upang tabunan ng kasulatan ang isang kakulangan*."

Ang California ay mayroon nang makatwirang iniaatas na reserba sa kasalukuyang batas—binabalewala ito ng lehislatura at gobernador. Ang Panukala 58 ay nagpapahintulot sa kanilang balewalain ito. Weintraub: "*Puwedeng suspendihin ng gobernador ng mga paglipat sa reserba anumang oras. At ang Lehislatura ay puwedeng maglipat ng reserba palabas ng reserba. . . anumang oras*." Ito ay hindi proteksiyon!

Ang Gobernador ay may kapangyarihan NA upang tawagan ang Lehislatura sa gumawa ng sesyon para harapin ang nabubuon kakulangan sa badyet. Ang inisyatibong ito ay nag-aatas na ang Lehislatura ay gumawa ng hakbang bago ito tumulong sa ibang mga gawain. Pero ito ay MARAMING BUTAS. Isinulat ni Weintraub: "*Basta magpasa sila ng panukalang-batas upang harapin ang kakulangan, puwede na silang magpatuloy tulad ng dati, kahit na bineto ng gobernador ang paraang ito. Sa aktuwal na paggamit, ang nasabing probisyon ay hindi maaasahang magbunga ng anumang iba sa mga kawalan ng pagsulong na nakikita natin ngayon*."

Kung sila ay seryoso tungkol sa balanseng badyet, ibabalik nila ang kapangyarihan ng Gobernador upang gumawa ng mga pagbawas sa paggasta sa kalagitnaan ng taon upang mapanatiling balanse ang badyet. Kung sila ay seryoso sa pagpigil sa paggasta, ibabalik nila ang Limitasyong Gann sa Pagganap na lumikha ng isang dekada ng balanseng badyet at makakatwirang reserba mula 1979 hanggang 1990.

Pero sila ay seryoso lamang tungkol sa isang bagay—*gusto nilang humiram ng karagdagang pera, at ang susog na ito ay nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang gawin ito*.

RICHARD RIDER, *Tagapangulo*
Mga Lumalaban sa Buwis ng San Diego

BRUCE HENDERSON, *Presidente*
Kapitanan ng mga Nagmamalaskit na Nagbabayad ng Buwis

JOE ARMENDARIZ, *Tagapagpaganap na Direktor*
Kapitanan ng mga Nagbabayad ng Buwis sa Santa Barbara

SAGOT SA Pangangatwirang Laban sa Panukala 58

Huwag paloloko sa mga kalaban. Ang Kapitanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng California ay sumusuporta sa Batas sa Balanseng Badyet ng California.

Ang Panukala 58 AY MAG-AATAS NG ISANG BALANSENG BADYET sa kauna-unahang pagkakataon. Ang paggasta ng pamahalaan ng Estado sa California ay walang kontrol. Sa nakaraang tatlong taon, ang paggasta ng estado ay lumampas ng malaki sa mga kita ng estado.

Sa ilalim ng Panukala 58, ang Gobernador at Lehislatura ay dapat MAGPATIBAY NG ISANG BALANSENG BADYET. Ito ay MAGSASARA SA BUTAS na ginamit upang lumikha ng malaking kakulangan.

Ang Plano sa Pagbuti ng Ekonomiya ng California ay kabilang ang pareho ng Panukala 57 at 58. Magkasama, ang dalawang panukalang-batas ay magpapahintulot sa California na muling tustusan ang utang at pigilan ang sitwasyon na MULING MANGYARI. Hindi tayo dapat pahintulutang GUMASTA NG PERANG MAS MARAMI KAYSA TAGLAY NATIN.

Ang Panukala 58 ay nag-aatas sa Lehislatura na magpatibay ng isang balanseng badyet at kung magbago ang mga kalagayan pagkaang ipasa

ang badyet, ang Gobernador ay inatasan na tumawag ng isang espesyal na sesyon upang gumawa ng mga pagbabago sa kalagitnaan ng taon sa badyet, upang matapos natin ang taon na may ISANG BALANSENG BADYET. Ang Panukala 58 ay nagbabawal sa Lehislatura na umakto sa anumang bagong batas hanggang muling mabalanse ang badyet.

Ang Panukala 58 ay hindi nagbabago sa Limitasyong Gann sa Paggasta. Ito pa rin ang batas, ang BÁTAS SA BALANSENG BADYET na nagkakaloob ng kasangkapan sa paglaban sa sobrang paggasta.

Ang Panukala 58 ay nagbabawal sa paghiram para sa mga kakulangan sa hinaharap. Ang Panukala 58 ay nag-aatas ng pagbuo ng isang reserba na hindi kukulangin sa \$8 bilyon. Mangyaring suportahan ang Plano sa Pagbawi ng California at bumoto ng OO SA MGA PANUKALA 57 at 58.

ARNOLD SCHWARZENEGGER, *Gobernador*
Estado ng California

BILL HAUCK, *Tagapangulo*
Komisyon sa Pagbabago ng Saligang-batas ng California

ALLAN ZAREMBERG, *Presidente*
Kamara de Komersiyo ng California

Itong pangkalahatang-tanaw sa utang sa bono ng estado ay pumapalit sa isang katulad na pagsusuri sa pangunahing pamplet ng balota. Ang pangkalahatang-tanaw na ito ay tumatalakay sa epekto ng dalawang bonong panukalang-batas sa balota--Panukala 55 (mga pasilidad sa edukasyon) at Panukala 57 (kakulangan sa badyet). Ang panghuling panukalang-batas ay naging kuwalipikado sa balota pagkaraan ng huling-araw ng paglilimbag ng pangunahing pamplet ng balota.

Ang seksiyong ito ay nagkalaloob ng pangkalahatang-tanaw sa kasalukuyang utang sa bono ng estado. Tumatalakay din ito sa epekto ng bonong panukalang-batas sa balotang ito, kung maaprobahan, sa antas ng utang na ito ng utang at sa mga gastos sa pagbabayad.

Batayan

Ano ang Pagtustos ng Bono? Ang pagtustos ng bono ay isang uri ng pangmatagalang paghiram na ginagamit ng estado upang lumikom ng pera para sa iba-ibang layunin. Nakukuha ng estado ang perang ito sa pamamagitan ng pagbenta ng mga bono sa mga namumuhunan. Bilang kapalit, ito ay sumasang-ayong babayaran ang perang ito, na may interes, alinsunod sa isang tinukoy na iskedyul.

Bakit Ginagamit ang mga Bono? Laging ginagamit ng estado ang mga bono upang tustusan ang mga pangunahing proyektong kapital na paglalaan tulad ng mga daan, mga pasilidad ng edukasyon, bilangguan, parke, proyekto sa tubig, at mga gusali ng opisina. Ito ay ginagawa pangunahin dahil sa ang mga pasilidad na ito ay nagkaloob ng mga serbisyo sa maraming taon at ang mga gastos sa mga ito ay mahirap bayaran nang magkakasabay. Kamakailan, gayunman, ang estado ay gumamit din ng pagtustos ng bono upang makatulong na malutas ang malalaking kakulangan sa badyet ng Pangkalahatang Pondo.

Anong mga Uri ng Bono ang Ibinebenta ng Estado? Ang estado ay nagbebenta ng tatlong uri ng bono. Kabilang dito ang:

- **Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono.** Ang mga ito ay binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado, na karamihan ay sinusupportahan ng mga kita sa buwis. Ang mga nasabing bono ay may dalawang anyo. Karamihan ay mga *pangkalahatang obligasyong bono*. Ang mga ito ay dapat aprobahan ng mga botante at ang pagbabayad sa mga ito ay iginagarantiya ng Konstitusyon ng Estado. Ang ikalawang uri ay mga bonong *arkila-kita*. Ang mga ito ay hindi nangangailangan ng pag-aproba ng botante, hindi iginagarantiya, at binabayaran mula sa mga bayad sa arkila (pangunahin mula sa Pangkalahatang Pondo) ng mga ahensiya ng estado na gumagamit ng mga pasilidad na tinutustusan ng mga ito. Bilang

resulta, ang mga ito ay medyo mataas ang interes kaysa mga pangkalahatang obligasyong bono.

- **Mga Bonong Tradisyunal na Kita.** Ang mga ito ay pangkaraniwang tumutustos sa mga kapital na proyekto pero hindi sinusupportahan ng Pangkalahatang Pondo. Sa halip, ang mga ito ay binabayaran mula sa itinalagang daloy ng kita—karaniwang nililikha ng mga proyektong tinutustusan ng mga ito, tulad ng mga bayad sa tulay. Ang mga bonong ito ay hindi rin nangangailangan ng pag-aproba ng botante.
- **Mga Bonong May Kaugnayan sa Badyet.** Sa nakalipas na dalawang taon, ang Gobernador at Lehislatura ay nag-awtorisa ng ibang mga bono upang makatulong na lutasin ang problema sa badyet ng estado. Kabilang dito ang \$10.7 bilyon na bonong pagtustos sa kakulangan na pinagtibay noong 2003 upang bayaran ang kakulangan ng estado. Ang bonong ito, na kasalukuyang sinasalungat sa mga hukuman, ay hindi pa naibebenta. Ang gastos sa pagbabayad ng prinsipal at interes sa bonong ito ay papasanin ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Ano ang mga Tuwirang Gastos sa Pagtustos ng Bono?

Ang gastos ng estado sa paggamit ng mga bonong ito ay depende pangunahin sa antas ng interes sa mga ito at sa panahon na mababayaran ang mga ito. Halimbawa, karamihan sa pangkalahatang obligasyong bono ay binabayaran sa 30 taon. Ipagpapalagay na ang kasalukuyang walang-buwis na interes para sa mga nasabing bono (mga 5.25 porsiyento), ang halaga ng pagbabayad sa mga ito sa 30 taon ay mga \$2 para sa bawat dolyar na hiniram—\$1 para sa dolyar na hiniram at \$1 para sa interes. Ang gastos na ito, gayunman, ay pinaghihiwalay sa buong 30 taon, kaya ang gastos pagkaraang iakma sa implasyon ay mas mababa—mga \$1.25 para sa bawat \$1 na hiniram.

Ang Kasalukuyang Kalagayan sa Utang ng Estado

Halaga ng Utang ng Pangkalahatang Pondo. Pagdating ng Nobyembre 2003, ang estado ay may mga \$36 bilyon na utang sa bono ng Pangkalahatang Pondo—mga \$29 na bilyon ng pangkalahatang obligasyong bono at \$7 bilyon ng mga bonong arkila-kita. Bilang karagdagan, hindi pa naibebenta ng estado ang mga \$21 bilyon ng inawtorisang bono, dahil ang

mga proyektong pinag-uukulan nito ay hindi pa nasisimulan o ang mga ginagawa na ay hindi pa umaabot sa kanilang pangunahing yugto ng pagtatayo. (Hindi kabilang ang kabuuang ito ang inawtorisang \$10.7 bilyon na bonong pagtustos sa kakulangan.)

Pagbabayad ng Pangkalahatang Pondo sa Utang. Tinatantiya namin na ang pagbabayad ng Pangkalahatang Pondo sa utang ay mga \$2.5 bilyon sa 2003-04. Ang halagang ito ay mas mababa sa dapat sanang bayaran dahil sa pagpapaliban ng mga partikular na pagbabayad sa prinsipal ng bono upang makatulong na lutasin ang kakulangan sa badyet ng Pangkalahatang Pondo. Kung wala ang isang-beses na epekto, ang pagbabayad ng utang ay tataas sa mga \$3.5 bilyon sa 2004-05. Habang ang naunang inawtorisa pero kasalukuyang hindi pa naibebentang mga bono ay iniaalok, ang mga gastos sa natitirang utang sa bono ay tataas ng humigit-kumulang na \$4.1 bilyon sa 2007-08, at unti-unting mababawasan kung walang mga bagong bonong iaawtorisa.

Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang. Ang antas ng pagbabayad sa utang ng Pangkalahatang Pondo na inihayag bilang persentahe ng mga kita ng estado ay tinatawag na proporsiyon ng utang-serbisyo ng estado. Ang proporsiyong ito ay tumaas sa mga unang bahagi ng mga taong 1990 at umabot sa higit sa 5 porsiyento sa kalagitnaan ng dekada. Ang proporsiyon ay kasalukuyang nasa mga 3.3 porsiyento, at inaasahang tataas sa 4.6 porsiyento sa 2004-05, at aabot sa 4.9 porsiyento sa 2005-06 habang ang kasalukuyang inawtorisang mga bono ay ibinebenta.

Mga Bonong Panukalang-batas sa Balotang Ito

May dalawang bonong panukalang-batas sa balotang ito.

- Ang Panukala 55, na nag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng \$12.3 bilyon na pangkalahatang obligasyong bono para sa konstruksiyon at pagsasaayos ng mga pasilidad ng pampublikong paaralang K-12 at mas mataas na edukasyon.
- Panukala 57, na mag-aawtorisa sa estado na mag-isyu ng \$15 bilyon na bono upang harapin ang kakulangan sa badyet ng estado. Ang bonong ito ay gagamitin sa halip ng kasalukuyang inawtorisang \$10.7 bilyon na bonong pagtustos sa kakulangan.

Ang mga epekto ng panukalang-batas na ito sa kalagayan sa utang ng estado ay tinatalakay sa ibaba.

Mga Epekto sa Pagbabayad ng Utang. Kung ang \$12.3 bilyon sa mga bono para sa mga pasilidad ng edukasyon na inawtorisa ng Panukala 55 sa balotang

ito ay aprobahan at maibenta, magkakaroon ng karagdagang pagbabayad na serbisyo sa utang na umaabot ng mga \$800 milyon sa isang taon sa buong buhay ng bono. Ang kasalukuyang inawtorisang bono na pagtustos sa kakulangan, kung maibebenta, ay magreresulta sa \$2.4 bilyon na karagdagang gastos ng Pangkalahatang Pondo sa 2004-05, tataas nang kainaman bawat taon hanggang mabayaran ang mga bono (sa loob ng mga limang taon). Kun ang \$15 bilyon sa mga bonong inawtorisa ng Panukala 57 ay ginamit sa halip na ang kasalukuyang inawtorisang bono sa pagtustos ng kakulangan, ang taunang gastos sa serbisyo sa utang ay \$1.2 billion sa 2004-05, tataas nang kainaman sa mga kasunod na taon. (Kung ang mga suplementong pagbabayad mula sa reserbang badyet na itinatag ng Panukala 58 ay isinama, ang taunang pagbabayad ay maaaring mas mataas sa mga indibidwal na taon.) Dahil ang mas mababang halaga ng taunang pagbabayad sa utang at mas malaking bilang, gayunman, ang gastos na ito sa serbisyo sa utang sa iminumungkahing bono ay mailalagay sa matagal na panahon--mga siyam hanggang 14 taon.

Mga Epekto sa Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang. Kung ang \$12.3 bilyon sa mga bono sa edukasyon sa balotang ito ay inaprobahan at naibenta, ang proporsiyon ay tataas sa mga 5.3 porsiyento sa 2006-07 at pagkaraan ay mababawasan. Kung ang serbisyo sa utang sa kasalukuyang inawtorisang bono sa pagtustos sa kakulangan ay isinama sa kalkulasyong ito, ang kabuuang proporsiyon ng utang-serbisyo ay tataas sa pagitan ng 8 porsiyento at 8.5 porsiyento kada taon hanggang ang bono ay mabayaran (malamang na sa 2009-10). Kung, gayunman, ang bonong iminumungkahi sa Panukala 57 ay inaprobahan at naibenta sa halip na ang kasalukuyang inawtorisang bono, ang proporsiyon ay tataas nang mas kaunti sa malapit na taning—sa pagitan ng 6.4 na porsiyento at 6.9 na porsiyento taun-taon sa pagitan ng 2004-05 at 2008-09. Gayunman, itong mas mataas na proporsiyon ay mananatili sa mas matagal na panahon, dahil ang iminumungkahing bono ay mas matagal na mababayaran. (Kung ang mga suplementong pagbabayad mula sa reserbang badyet na nilikha ng Panukala 58 ay isinama, ang proporsiyon ay maaaring mas mataas sa mga indibidwal na taon.)

Panukala 57

Ang batas na ito na iminumungkahi ng Panukalang-Batas 9 ng Asembleya ng Di-Pangkaraniwang Sesyon ng 2003-2004 (Kabanata 2, Ikalimang Di-Pangkaraniwang Sesyon ng 2003-2004) ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo ng Pamahalaan; dahil dito, ang mga bagong probisyon na iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa tipong *italika* upang ipatitid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

SEK. 3. Bahagi 18 (nagsisimula sa Seksiyon 99050) ay idinaragdag sa Kodigo ng Pamahalaan, upang mabasang:

TITULO 18. BATAS SA BONO PARA SA PAGBUTI NG EKONOMIYA

KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG PROBISYON

99050. (a) Ang titulong ito ay dapat makilala at maaaring tawaging *Batas sa Bono Para sa Pagbuti ng Ekonomiya*.

(b) *Napag-alaman at ipinahayag ng Lehislatura na mahalaga sa kapakanan ng publiko na ang isang mabisa, walang-kinikilangan, at panghaliling pinagkukunan ng pondo ay itatag upang pangalagaan ang pampublikong edukasyon at mahahalagang programang pangkalusugan at pangkaligtasan na hindi mapopondohan sa ibang paraan dahil sa natipong kakulangan sa badyet ng estado, at ang pagtiyak na makukuha ang mga nalikom ng mga bonong iminumungkahing isyu at ibenta alinsunod sa titulong ito ay pinakamabisa, pinakapantay, at pinakamatipid na paraang magagamit.*

99051. *Gaya ng pagkakagamit sa titulong ito, ang mga sumusunod na salita ay may mga sumusunod na kahulugan:*

(a) (1) *"Natipong kakulangan ng badyet ng estado" ay may kahulugan katulad sa Seksiyon 1.3 ng Artikulo XVI ng Konstitusyon ng California.*

(2) *Ang halagang timukoy sa talataan (1) ay dapat sertipikahan ng Direktor ng Pananalapi.*

(b) *"Kaugnay na obligasyon" ay nangangahulugang isang obligasyon ng estado kaugnay ng anumang mga bonong inisyu sa ilalim ng artikulong ito, kabilang ang mga sumusunod:*

(1) *Isang pagpapahusay ng kredito o kasunduan sa pagbabayad, kabilang ang anumang pagpapahusay ng kredito o kasunduan sa pagbabayad sa anyo ng seguro sa bono, liham ng kredito, nakaantabay na kasunduan sa pagbili ng bono, kasunduan sa pagsasauli, pasilidad sa pagbabayad, o ibang katulad na kasunduan.*

(2) *Isang kasunduan sa muling pagpapalaganap.*

(3) *Isang kasunduan sa ahente ng subasta.*

(4) *Isang kasunduan sa broker-tagabenta o ibang kasunduan na may kaugnayan sa pagpapalaganap ng mga bono.*

(5) *Antas ng interes o ibang uri ng kontrata sa palitan o hedging.*

(6) *Isang kasunduan sa pamumuhunan, kasunduan sa pagbebenta, o katulad na nakabalangkas na kontrata sa pamumuhunan.*

(c) *"Komite" ay nangangahulugang ang Komite sa Pagtustos ng Pagbuti ng Ekonomiya na nilikha alinsunod sa Seksiyon 99055.*

(d) *"Pondo" ay nangangahulugang ang Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya na nilikha alinsunod sa Seksiyon 99060.*

(e) *"Resolusyon" ay nangangahulugang anumang resolusyon, kasunduan ukol sa pagtitiwala, kontrata, sertipiko, o ibang instrumento na nag-aawtorisa ng pag-isyu ng mga bono alinsunod sa titulong ito at nagkakaloob ng seguridad at pagbabayad.*

(f) *"Katiwala" ay nangangahulugang ang Tesorero o isang bangko o kompanya ukol sa pagtitiwala sa loob o labas ng estado na umaakto bilang katiwala para sa anumang pag-isyu ng mga bono sa ilalim ng titulong ito at, kung mayroong bigit sa isang pag-isyu ng mga bono, ang katawagan ay nangangahulugang ang katiwala para sa bawat pag-isyu ng mga bono, ayon sa pagkakasunod-sunod. Kung may mga kasamang katiwala para sa isang pag-isyu ng mga bono, "katiwala" ay nangangahulugang ang mga magkakasamang katiwala.*

KABANATA 2. KOMITE SA PAGTUSTOS NG PAGBUTI NG EKONOMIYA

99055. (a) *Sa layunin lamang ng pag-aawtorisa ng mga pagpapasiyang ito at paggawa ng ibang mga aksiyon na inawtorisa ng titulong ito, ang Komite sa Pagtustos ng Pagbuti ng Ekonomiya ay nililikha rito. Para sa mga layunin ng titulong ito, ang Komite sa Pagtustos ng Pagbuti ng Ekonomiya ay "ang komite" kung paano ginagamit ang katawagan ito sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2).*

(b) *Ang komite ay binubuo ng labat ng mga sumusunod na miyembro:*

(1) *Ang Gobernador o ang kanyang itinalaga.*

(2) *Ang Direktor ng Pananalapi.*

(3) *Ang Tesorero.*

(4) *Ang Kontroler.*

(5) *Ang Sekretaryo ng Negosyo, Transportasyon at Pabahay.*

(6) *Ang Direktor ng Mga Pangkalahatang Serbisyo.*

(7) *Ang Direktor ng Transportasyon.*

(c) *Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas, sinumang miyembro ay maaaring magtalaga ng isang kinatawan upang umakto bilang miyembro para sa kanya at para sa labat ng layunin, na waring ang miyembro ay personal na naroroon.*

(d) *Napag-alaman at ipinahayag ng Lehislatura na ang bawat miyembro ng komite ay dating nagsilbing miyembro ng isang katulad na komite sa pananalapi.*

(e) *Ang isang mayoriya ng mga miyembro ng komite ay dapat bumuo ng isang korum ng komite at maaaring umakto para sa komite.*

(f) *Ang Direktor ng Pananalapi ay dapat maglingkod bilang tagapangulo ng komite.*

KABANATA 3. PONDO SA PAGBUTI NG EKONOMIYA

99060. (a) *Ang mga nalikom sa bono na inisyu at ibinenta ayon sa titulong ito ay dapat ideposito sa Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya, na sa pamamagitan nito ay itinatag sa Tesorerya ng Estado.*

(b) *Ang mga salapi sa pondo ay dapat ipuhunan sa Pondo sa Pamumuhunan ng Sobrang Salapi, at anumang kita mula sa pamumuhunang ito ay dapat ikredito sa pondo.*

(c) *Maliban sa mga halagang kailangan upang bayaran ang mga gastos sa pag-isyu, pangangasiwa, at anumang ibang mga gastos na may kaugnayan sa mga bono, at upang iretiro o bayaran ang mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa titulong ito o mga bonong inisyu at ibinenta sa ilalim ng Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000), ang natitirang balanse ng pondo, gaya ng ipinasiya ng komite, ay dapat ilipat sa Pangkalahatang Pondo upang pondohan ang mga layuning nakalagay sa titulong ito.*

99062. *Mula sa unang salaping nakuha sa pagbebenta ng mga bono gaya ng itinatadhana rito, kailangang muling ideposito sa Umiikot na Pongong Panggasta sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, na itinatag ng Seksiyon 16724.5, ang halaga ng labat ng paggastang ginawa para sa mga layuning timukoy sa seksiyon na iyan, at ang salaping ito ay maaaring gamitin para sa katulad na layunin at bayaran sa katulad na paraan tuwing gagawin ang karagdagang pagbebenta ng bono.*

99064. *Ang mga nalikom sa mga bonong inisyu at ibinenta alinsunod sa kabanatang ito ay dapat makuha para sa pagkakaloob ng isang mabisa, pantay, at matipid na paraan ng paggawa ng pareho ng mga sumusunod:*

(a) *Pagpopondo ng mga natipong kakulangan sa badyet ng estado, na maaaring matupad ang bahagi sa pagpopondo o pagbabayad ng mga bonong inisyu alinsunod sa Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000).*

(b) *Ang pagbabayad ng mga gastos na may kaugnayan sa pag-isyu ng mga bono sa ilalim ng titulong ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkakaloob ng mga reserba, may hanggang interes, at ang mga gastos sa pagkuha o pagpasok sa anumang kaugnay na obligasyon, mga gastos na kaugnay ng pagbabayad o pagsasauli ng mga bayad sa mga bonong paghawig ng pananalapi na inisyu alinsunod sa Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000), at pangangasiwa at ibang mga gastos na kaugnayan ng pagpapatupad ng mga layunin ng titulong ito.*

KABANATA 4. MGA PROBISYON SA BONO

99065. (a) *Napapailalim sa subdivisyon (b), ang mga bono na may kabuuang halagang labinlimang bilyon tatlong daang milyon dolyar (\$15,000,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang nagsasauling mga bono na inisyu alinsunod sa mga Seksiyon 99075, o kung anumang ang kailangan, ay maaaring isyu at ibenta upang magkaloob ng isang pondo na gagamitin para sa pagsasakatuparan ng mga layuning inihayag sa bahaging ito at upang bayaran ang Umiikot na Pondo sa Panggasta sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, alinsunod sa Seksiyon 16724.5. Ang mga bono, kapag ibinenta, ay dapat at binubuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng Estado ng California, at ang lubos na katapatan ang kredito ng Estado ng California ay ipinangangako para sa napapanahong pagbabayad ng prinsipal ng, at interes sa, mga bono kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran. Dagdag dito, ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat garantiyahan ng isang pangako ng mga kita at ibang mga halaga sa Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya na nilikha alinsunod sa Seksiyon 99008. Ang mga bono ay maaaring garantiyahan ng ibang mga priyoridad ukol sa lien sa mga halaga sa Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya.*

(b) *Ang halaga ng mga bono na maaaring isyu at ibenta alinsunod sa subdivisyon (a) ay dapat bawasan ng halaga ng mga bonong inisyu alinsunod sa Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000), at ng halaga ng mga bonong inisyu*

Panukala 57 (ipinagpapatuloy)

alinsunod sa Batas sa Pagtustos ng Pensiyoung Obligasyon ng California (Kabanata 7 (nagsisimula sa Seksiyon 16910) o Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2), maliban kung ang mga bono ay ireretiro, tinapos ang interes, o tutubusin sa pamamagitan ng mga nalikom sa mga bono na inawtorisa ng titulong ito.

(c) Alinsunod sa seksiyong ito, ang Tesorero ay dapat magbenta ng mga bonong inawtorisa ng komite. Ang mga bono ay dapat ibenta batay sa mga takda at kondisyong tinukoy sa isang resolusyong gagamitin ng komite alinsunod sa Seksiyon 16731 at Seksiyon 99070. Tuwing itinuturing ng komite na kailangan para sa isang mabisang pagbebenta ng mga bono, ang mga komite ay maaaring mag-awtorisa sa Tesorero na magbenta ng anumang isyu ng mga bono sa halagang mas mababa sa tunay na halaga ng mga ito. Sa kabila ng Seksiyon 16754.3, ang diskuwento tungkol sa anumang isyu ng mga bono ay hindi dapat lumampas sa 3 porsiyento ng karaniwang halaga, neto ng anumang idinagdag.

99066. (a) Ang mga bonong inawtorisa ng titulong ito ay dapat ibanda, isagawa, isyu, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksiyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2), at labat ng mga probisyon ng batas, maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) nga Seksiyon 16727 o anumang ibang probisyon sa batas na iyon na hindi kaayon ng mga takda ng titulong ito, ay umaaplay sa mga bono at sa titulong ito at isinasama sa titulong ito na waring nakalagay nang buo sa titulong ito.

99067. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang Kagawaran ng Pananalapi ay itinalagang ang "lupon" kung paano ginagamit ang katawagan sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado.

99069. Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng titulong ito, o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, kung ang Tesorero ay nagbebenta ng mga bono alinsunod sa titulong ito na kabilang ang isang opinyon ng isang tagapayo sa bono na may epekto na ang interes sa mga bono ay hindi isinasama sa kabuuang kita para sa pederal na pagbubuwis na napapailalim sa mga itinalagang kondisyon, ang Tesorero ay maaaring magpanatili ng magkahiwalay na kuwenta para sa mga nalikom sa bono na pinubunan at para sa mga kinita ng pamumuhunan sa mga nalikom naito, at maaaring gamitin o itagubilin ang paggamit ng mga nalikom na ito o kinita upang bayaran ang anumang pagsasaauli, multa, o ibang kabayaranang iniiaatas sa pederal na batas o gumawa ng anumang ibang aksiyon tungkol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa bono na iniiaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang mapanatili ang katayangang di-saklaw ng buwis ng mga bonong ito at makuha ang anumang ibang bentabe sa ilalim ng pederal na batas para sa mga pondo ng estadong ito.

99070. (a) (1) Ang komite ay dapat magpasiya kung kailangan o kanais-nais na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa titulong ito upang maisakatuparan ang mga layunin ng titulong ito, ang kung gayon, ang mga halaga ng mga bonong ipalalabas at ibebenta, ang mga panahon na ang mga bonong inawtorisa ng titulong ito ay dapat iawtorisang makuha, at ang ibang mga takda at kondisyon para sa mga bonong inawtorisa ng titulong ito na ipinasiyang kailangan o kanais-nais.

(2) Bilang karagdagan sa labat ng ibang mga kapangyarihan iginawad sa titulong ito at sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang komite ay maaaring gawin ang labat ng bagay na kailangan o maginhawa upang isakatuparan ang mga kapangyarihan at layunin ng titulong ito, kabilang ang pag-aproba ng anumang kontrata at anumang kaugnay na obligasyon na may kinalaman sa mga bono, at ang pagtatalaga ng mga kailangang tungkulin sa tagapangulo, at sa Tesorero bilang ahente para sa pagbebenta ng mga bono.

(3) Ang komite ay dapat magpasiya sa halaga ng mga bono upang ang mga netong nalikom sa mga bono na inisyu upang pondohan ang mga natipong kakulangan sa budyet, kapag idinagdag sa mga netong nalikom sa anumang mga bonong inisyu alinsunod sa Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000) para sa layuning iyon, hindi kasama ang mga bonong inisyu alinsunod sa titulong para sa muling pagbabayad ng mga bonong inisyu alinsunod sa titulong ito o Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000), ay hindi lalampas ng labinlimang bilyong dolyar (\$15,000,000,000) sa kabuuan. Wala sa seksiyong ito na dapat ipakahulugan na naglilimita sa kakayahan ng komite na mag-awtorisa ng pag-isyu ng anumang halaga ng mga bono na ipasiya nitong kailangan o angkop upang matupad ang mga layunin ng titulong ito, kabilang ang pagbabayad o pagtubos ng mga bonong inisyu alinsunod sa Titulo 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000), napapailalim sa limitasyon sa kabuuang halaga ng mga bono na nakalagay sa Seksiyon 99065.

(b) Ang mga magkakasunod na isyu ng bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang pondohan ang mga pagbaha-bahagi nang pataas, at hindi kailangan na ang labat ng bonong inawtorisang ipalabas ay ibenta sa isang panahon. Bilang karagdagan sa labat ng ibang mga kapangyarihan na iginawad sa titulong ito at sa Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado, ang komite ay maaaring gawin ang labat ng bagay na kailangan o maginhawa, kabilang ang pagtatalaga ng mga kailangang tungkulin sa tagapangulo at sa Tesorero bilang ahente para sa pagbebenta ng mga bono, upang isakatuparan ang mga kapangyarihan at layunin ng artikulong ito.

99071. Ang prinsipal at interes sa mga bono at ang pagbabayad ng anumang kaugnay na mga obligasyon ay dapat bayaran mula sa at igarantiya ng isang isang pangako ng labat ng kita sa buwis sa pagbebenta at paggamit ng estado

sa Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya na itinatag alinsunod sa Seksiyon 99008 at anumang kinita nito. Kung ang mga salapi sa Pondo sa Pagbuti ng Pananalapi ay itinuturing na hindi sapat upang gawin ang mga pagbabayad na ito, alinsunod sa isang tantiyang sinertipikahan ng Direktor ng Pananalapi at inaprobahan ng komite, dapat may makulekta taun-taon at sa paraan at oras na katulad ng pagkulekta sa ibang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga pangkaraniwang kita ng estado, isang kabuuan ng mga halagang iniiaatas upang bayaran ang prinsipal at interes sa mga bono at ang pagbabayad ng anumang kaugnay na mga obligasyon na ang pagbabayad ay inawtorisa ng titulong ito at kung saan ang lubos na katapatan at kredito ng estado ay ipinangako. Tungkulin ng labat ng opisyal na inatasan ng batas ng anumang tungkuling may kaugnayan sa pagkulekta ng kita na gawin at gampanan ang bawat bakbang na kailangan upang makulekta ang karagdagang halaga.

99072. (a) Sa kabila ng Seksiyon 13340, dito ay patuloy na inilalaan mula sa Pondo sa Pagbuti ng Pananalapi na itinatag alinsunod sa Seksiyon 99008 ang isang halagang kapantay ng kabuuan ng mga sumusunod:

(1) Ang halagang kailangan taun-taon upang bayaran ang prinsipal at interes sa mga bonong inisyu at ibinenta gaya ng inilarawan sa Seksiyon 99070, kapag ang prinsipal at interes ay dapat nang bayaran, kasama ng halagang kailangan upang matugunan ang anumang mga iniataas ukol sa reserba at pagsakop sa resolusyon.

(2) Ang halagang kailangan upang bayaran ang anumang kaugnay na mga obligasyon na may kinalaman sa mga bono.

(3) Anumang mga gastos ukol sa katiwala o mga gastos sa pangangasiwa na may kinalaman sa pagserbisyo ng mga bono at mga kaugnay na obligasyon.

(4) Pagtubos, pagretiro, pagtatapos sa interes o pagbili ng anumang mga bono na inawtorisa ng komite bago ang nakasaad na mga petsa ng maturidad ng mga ito.

(b) Sa kabila ng Seksiyon 13340, kung ang mga pondong inilalaan ng subdibisyon (a) ay tinantiyang hindi sapat upang matugunan ang iniataas na tinukoy sa mga ulataaan (1) hanggang (4), inklusibo, ng subdibisyon (a), na inaprobahan alinsunod sa Seksiyon 99071, dito ay may patuloy na inilalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, para sa mga layunin ng kabanatang ito, isang halagang magkakaloob ng sapat na kita upang matugunan ang anumang iniataas na tinukoy sa mga talataan (1) hanggang (4), inklusibo, ng subdibisyon (a) hindi matatugunan mula sa mga kitang inilalaan mula sa Pondo sa Pagbuti ng Pananalapi.

(c) Ang mga kita sa buwis sa pagbebenta at paggamit na natanggap alinsunod sa mga Seksiyon 6051.5 at 6201.5 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at nakadeposito sa Pondo sa Pagbuti ng Pananalapi ay di-mababagong ipinapangako sa pagbabayad ng prinsipal at interes sa mga bonong inisyu alinsunod sa titulong ito, sa pagbabayad ng anumang mga kaugnay na obligasyon, at sa mga gastos na kailangan sa pagserbisyo at pangangasiwa ng mga bono at kaugnay na obligasyon. Ang Lehislatura ay maaaring pumiling ideposito ang mga karagdagang kita sa Pondo sa Pagbuti ng Pananalapi. Ang pangako ng subdibisyon (a) ay dapat automatikong magkabis sa pagtupad at paghabatid ng anumang resolusyon o kasunduan na may kinalaman sa mga kaugnay na obligasyon, nang hindi na kailangan ang anumang paunawa o paghabarap sa anumang opisina o lokasyon.

99074. Labat ng salaping idineposito sa Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya na nanggaling sa mga natipong interes sa mga bono na ibinenta ay dapat ireserba sa pondong iyon at dapat makuha para ilipat sa Pondo sa Pagbuti ng Ekonomiya bilang isang kredito o paggasta para sa interes ng bono.

99075. Ang mga bono ay maaaring bayaran alinsunod sa Artikulo 6 (nagsisimula sa Seksiyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Ang pag-aproba ng mga manghabalal ng estado sa pag-isyu ng mga bonong inilarawan sa titulong ito ay kabilang ang pag-aproba ng pag-isyu ng mga bono upang gawan ng pagsasaauli ang anumang mga bonong orihinal na inisyu sa ilalim ng titulong ito o anumang naunang inisyung nagsasaauling mga bono.

99076. Napag-alaman at ipinahabayag dito ng Lehislatura na, dahil ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bonong inawtorisa ng titulong ito ay hindi "mga nalikom sa mga buwis" kung paano ginagamit ang katawagan ng Artikulo XIII B ng Konstitusyon ng California, ang pamamagiti ng mga nalikom na ito ay hindi napapailalim sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.

99077. Ang estado ay nangangako at sumasang-ayon sa mga humahawak ng anumang bonong inisyu alinsunod sa titulong ito na hindi nito babawasan ang antas ng pagpapataw na mga buwis na ipinataw alinsunod sa mga Seksiyon 6051.5 at 6201.5 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, na lumikha ng kitang idineposito sa Pondo sa Pagbuti ng Pananalapi.

SEK. 8. Ang mga Seksiyon 1 hanggang 4.20, inklusibo, ng batas na ito ay dapat magkabis lamang kung mangyari ang pareho ng mga sumusunod:

(a) ACA 5 ng Ikalimang Di-Pangkaraniwang Sesyong 2003-2004 ay isinumite sa at inaprobahan ng mga botante sa pambuong-estadong primaryang eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004.

(b) Pinagtittibay ng mga botante ng Batas sa Pagbuti ng Ekonomiya, gaya ng nakalagay sa Seksiyon 3 ng batas na ito.

Panukala 58

Ang susog na ito na iminumungkahi ng Susog 5 ng Asembleya sa Konstitusyon ng Ikalimang Di-Pangkaraniwang Sesyon ng 2003–2004 (Kabanata 1 ng Resolusyon, Ikalimang Di-Pangkaraniwang Sesyon ng 2003–2004) na malinaw na nagsusug sa Konstitusyon ng California sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga seksiyon nito at pagsugod sa mga seksiyon; dahil dito, ang mga kasalukuyang probisyon na iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong pantanggal~~ at mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang ito ay bago.

MGA IMINUMUNGKAHING SUSOG SA MGA ARTIKULO IV AT XVI

Una—Na ang Seksiyon 10 ng Artikulo IV ay sinusugan upang mabasang:

SEK. 10. (a) Ang bawat batas na ipinasa ng lahislatura ay dapat iharap sa Gobernador. Ito ay nagiging batas kung pinirmahan ng Gobernador. Maaari itong ibeto ng Gobernador sa pamamagitan ng pagbabalik nito na may mga pagtutol sa kapulungang pinagmulan, na dapat magpasok ng mga pagtutol sa talaan at muli itong isaalang-alang. Kung ang ipasa ang bawat kapulungan sa pamamagitan ng boto sa pagtawag na pangalan na ipinasok sa talaan, ~~dalawang-ikatlo~~ *dalawang-ikatlo* ng mga miyembro ay sumang-ayon, ito magiging batas.

(b) (1) Anumang panukalang-batas, bukod sa panukalang-batas na magtatatag o magbabago ng mga hangganan ng anumang distritong pambatasan, pangkongreso, o ibang distrito ukol sa eleksiyon, ipinasa ng Lehislatura sa o bago ang tumigil ang Lehislatura para sa magkasamang pahinga upang muling magpulong sa ikalawang kalendaryong taon ng ikalawang taon ng pambatasang sesyon, at sa nasa kamay ng Gobernador pagkaraan ng petsang iyon, na hindi ibinalik sa loob ng 30 raw pagkaraan ng petsa ng batas.

(2) Anumang panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura bago ang ika-1 ng Setyembre ng ikalawang kalendaryong taon ng ikalawang taon ng pambatasang sesyon at nasa kamay ng Gobernador sa o bago ang ika-1 ng Setyembre na hindi ibinalik sa o bago ang ika-30 ng Setyembre ng taong iyon ay magiging batas.

(3) Anumang ibang batas na iniharap sa Gobernador na hindi ibinalik sa loob ng 12 araw ay nagiging batas.

(4) Kung ang Lehislatura sa pagtigil ng isang espesyal na sesyon ay pumigil sa pagbabalik ng isang panukalang-batas na may mensahe ng beto, ang panukalang-batas ay nagiging batas maliban kung betohan ng Gobernador ang panukalang-batas sa loob ng 12 buwan pagkaraan ng iharap ito sa pamamagitan ng pagdeposito nito at ang mensaheng beto sa opisina ng Sekretaryo ng Estado.

(5) Kung ang ika-12 araw ng panahon na ang Gobernador ay inatasan na gumawa ng aksiyon alinsunod sa talaan (3) o (4) ng subdibisyong ito ay Sabado, Linggo, o piyesta opisyal, ang panahon ay pinalalawig sa kasunod na araw na hindi isang Sabado, Linggo, o piyesta opisyal.

(c) Anumang panukalang-batas na ipinasok sa unang taon ng ikalawang taon ng pambatasang sesyon na hindi ipinasa ng kapulungang pinangalangan bago lumampas ang ika-31 ng Enero ng ikalawang kalendaryong taon ng ikalawang taon ay hindi na maaaring gawan ng aksiyon ng kapulungan. Walang panukalang-batas na maaaring ipasa ng alinman sa kapulungan sa o pagkaraan ng ika-1 ng Setyembre ng taong may kapares na numero maliban sa mga batas na nananawagan ng mga eleksiyon, mga batas na nagtatadhana ng mga buwis o paglalaan para sa karaniwang kasalukuyang paggasta ng Estado, at mga batas na apurahan, at mga batas na ipinasa pagkaraan ng ibeto ng Gobernador.

(d) Ang Lehislatura ay hindi maaaring magharap ng anumang panukalang-batas sa Gobernador pagkaraan ng ika-15 ng Nobyembre sa ikalawang kalendaryong taon ng ikalawang taon ng pambatasang sesyon.

(e) Maaaring bawasan o alisin ng Gobernador ang isa o higit na mga aytem ng paglalaan habang inaaprobahan ang ibang mga bahagi ng isang panukalang-batas. Ang Gobernador ay dapat maglakip sa panukalang-batas ng isang pahayag ng mga aytem na binawasan o inalis na may mga dahilan ng aksiyon. Dapat ipadala ng Gobernador sa kapulungang pinangalangan ng panukalang-batas ang isang kopya ng pahayag at mga dahilan. Ang mga aytem na binawasan o inalis ay dapat na hiwalay na muling isaalang-alang at maaaring ipasa sa kabila ng beto ng Gobernador

sa paraang katulad ng sa mga panukalang-batas.

(f) (1) *Kung, kasunod ng pagpapatibay ng panukalang-batas sa badyet para sa taon ng pananalapi na 2004–05 o anumang kasunod na taon ng pananalapi, ang Gobernador ay nagpasiya na, para sa taong iyon ng pananalapi, ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay mababawasan nang malaki sa tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na pinagbatayan ng panukalang-batas sa badyet para sa taong iyon ng pananalapi, gaya ng pinagtibay, o mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo ay tataas ng malaki sa tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo, o pareho, ang Gobernador ay maaaring mag-isyu ng isang proklamasyon na nagpapahayag ng isang emerhensiya sa pananalapi at dapat na maging sanbi para bumuo ng espesyal na sesyon ang Lehislatura para sa layuning ito. Ang proklamasyon ay dapat tumukoy sa kalikasan ng emerhensiya sa pananalapi at dapat isumite ng Gobernador sa Lehislatura, kasama ng iminumungkahing batas upang harapin ang emerhensiya sa pananalapi.*

(2) *Kung hindi nagpasa at nagpadala ang Lehislatura sa Gobernador ng isang panukalang-batas o mga panukalang-batas upang harapin ang emerhensiya sa pananalapi bago lumampas ang ika-45 araw pagkaraan ng pagpapalabas ng proklamasyon, ang Lehislatura ay hindi maaaring umakto sa ibang panukalang-batas, at hindi rin maaaring tumigil para sa magkasamang pahinga, hanggang ang panukalang-batas o mga panukalang-batas na iyon ay ipasa at ipadala sa Gobernador.*

(3) *Ang isang panukalang-batas na humaharap sa emerhensiya sa pananalapi na inideklara alinsunod sa seksiyong ito ay dapat maglaman ng isang pahayag na may ganyang epekto.*

Ikalawa—Na ang Seksiyon 12 ng Artikulo IV ay sinusugan upang mabasang:

SEK. 12. (a) Sa loob ng 10 araw ng bawat araw ng kalendaryo, ang Gobernador ay dapat magsumite sa Lehislatura, na may mensaheng nagpapaliwanag, ng isang badyet para sa susunod na taon ng pananalapi na naglalaman ng inisa-isang mga pahayag para sa inirerekomandang paggasta ng estado at tinantiyang mga kita ng estado. Kung ang inirerekomandang paggasta ay lumampas sa tinantiyang mga kita, ang Gobernador ay dapat magrekomenda ng mga mapagkukunan ng mga karagdagang kita.

(b) Ang Gobernador at ang inihalal-na-Gobernador ay maaaring mag-atas sa isang ahensiya ng estado, opisyal, o empleyado na magbigay ng impormasyong kailangan upang ihanda ang badyet.

(c) (1) Ang badyet ay dapat samahan ng isang panukalang-batas sa badyet na nag-iisa-isa ng mga inirerekomandang paggasta. ~~Ang~~

(2) *Ang badyet na panukalang-batas ay dapat ipagbigay-alam kaagad sa bawat kapulungan ng mga taong tagapangulo ng mga komite na nagsasaalang-alang sa mga paglalaan. Ang ang badyet.*

(3) *Ang Lehislatura ay dapat magpasa ng panukalang-batas sa badyet bago lumampas ang hatinggabi ng ika-15 ng Hunyo ng bawat taon.*

~~Hanggang~~ (4) *Hanggang hindi pa napagtitibay ng badyet, ang Lehislatura ay hindi dapat magpadala sa Gobernador ng anumang panukalang-batas na naglalaan ng mga pondo para gastahin sa taon ng pananalapi na ang badyet ay dapat pagtibayin, maliban sa mga panukalang-batas na pang-emerhensiya na inirerekomenda ng Gobernador o ang mga paglalaan sa mga suweldo at panggasta ng Lehislatura.*

(d) Walang panukalang-batas maliban sa panukalang-batas sa badyet na maaaring maglaman ng higit sa isang bagay ng paglalaan, at para sa isang partikular, malinaw na layunin. Ang mga paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado, maliban sa mga paglalaan para sa mga pampublikong paaralan, ay walang-saysay maliban kung ipasa sa bawat kapulungan ng pagboto sa pamamagitan ng pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, ~~dalawang-ikatlo~~ *dalawang-ikatlo* ng mga miyembro ay sumang-ayon.

(e) Maaaring kontrolin ng Lehislatura ang pagsumite, pag-aproba, at pagpapatupad ng mga badyet at paghaharap ng mga dapat-matanggap para sa lahat ng ahensiya ng estado.

(f) *Para sa taon ng pananalapi na 2004–2005, o anumang kasunod na taon ng pananalapi, ang Lehislatura ay hindi maaaring magpadala sa Gobernador para isaalang-alang, at hindi maaaring pirmahan ng Gobernador para maging batas, ang isang panukalang-batas sa badyet na maglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, para sa taong iyon ng pananalapi, ng isang kabuuang halaga na, kapag isinama sa lahat ng paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo para sa taong iyon ng pananalapi na ginawa sa petsa*

Panukala 58 (*ipinagpapatuloy*)

na ang mga panukalang-batas sa badyet ay ipinasa, at ang halaga ng anumang salapi ng Pangkalahatang Pondo ay inilipat sa Kuwenta ng Pagpapatatag sa Badyet para sa taong iyon ng pananalapi alinsunod sa Seksiyon 20 ng Artikulo XVI, ay lumampas sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taong iyon ng pananalapi na tinantiya pagdating ng petsa ng pagpasa sa panukalang-batas sa badyet. Na ang tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang pondo ay dapat ilagay sa panukalang-batas sa badyet na ipinasa ng Lehislatura.

Ikatlo—Na ang Seksiyon 1.3 ay idinaragdag sa Artikulo XVI nito, upang mabasang:

SEK. 1.3. (a) Para sa mga layunin ng Seksiyon 1, ang “isang bagay o gawain,” na ang Lehislatura ay maaaring lumikha ng isang utang o liabilidad na bigit sa tatlong daang libong dolyar (\$300,000) na napapailalim sa mga iniaatas na nakalagay sa Seksiyon 1, kabilang ang pagpopondo ng natipong kakulangan sa badyet ng estado kung, at sa halaga, na ang pagpopondo ay inawtorisa sa isang panukalang isinumite sa mga botante sa pambuong-estadong Primaryang Eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004.

(b) Gaya ng pagkakagamit sa subdibisyon (a), “natipong kakulangan sa badyet ng estado” ay nangangahulugang ang kabuuan ng pareho ng mga sumusunod, gaya ng sinertipikahan ng Direktor ng Pananalapi:

(1) Ang tinantiyang negatibong balanse ng Espesyal na Pondo para sa Kawalang-Katiyakan ng Ekonomiya na lumitas sa o bago ang ika-30 ng Hunyo, 2004, hindi kabilang ang epekto ng tinantiyang halaga ng mga netong nalikom ng anumang mga bonong inisyu o ipalalabas alinsunod sa Batas sa Pagtustos sa Pagbuti ng Pananalapi ng California (Tituto 17 (nagsisimula sa Seksiyon 99000) ng Kodigo ng Pamabalaan) at anumang mga bonong inisyu o ipalalabas alinsunod sa panukalang-batas na isinumite sa mga botante sa pambuong-estadong primaryang eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004 gaya ng inilarawan sa subdibisyon (a).

(2) Ang ibang mga obligasyon ng Pangkalahatang Pondo na napasukan ng Estado ng Estado bago ang ika-30 ng Hunyo, 2004, kung hindi kasama sa negatibong balanse.

(c) Kasunod ng pag-isyu ng anumang mga bono ng estado na inilarawan sa subdibisyon (a), ang Estado ay hindi maaaring kumuha ng mga salapi upang pondohan ang kakulangan sa badyet sa katapusan ng taon, gaya ng maaaring linawin ng batas, alinsunod sa alinman sa mga sumusunod: (1) pagkakautang na kinapasukan alinsunod sa Seksiyon 1 ng artikulong ito, (2) isang obligasyong utang na ang mga pondo upang bayaran ang obligasyon ay galing lamang sa isang itinalagang pinagkukunan ng kita, o (3) isang bono o katulad na instrumento para sa paghiram ng mga salapi na walang legal na obligasyon ng pagbabayad. Ang subdibisyong ito ay hindi umaaplay sa pagpopondong nakuba sa pamamagitan ng panandaliang obligasyong kinapasukan dahil umaasa sa pagtanggap ng mga nalikom sa buwis o ibang mga kita na maaaring iaplay sa pagbabayad ng obligasyong iyon, para sa mga layunin at hindi lalampas sa mga halaga ng mga kasalukuyang paglalaan na ang mga nalikom ay iaplay. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, “ang kakulangan sa badyet sa katapusan ng taon” ay hindi kabilang ang obligasyon sa loob ng natipong kakulangan sa badyet ng estado gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b).

Ikaapat—Na ang Seksiyon 20 ay idinaragdag sa Artikulo XVI nito, upang mabasang:

SEKSIYON 20. (a) Ang Kuwenta sa Pagpapatatag ng Badyet ay nililikha sa Pangkalahatang Pondo.

(b) Sa bawat taon ng pananalapi gaya ng tinukoy sa mga talataaan (1) hanggang (3), inklusibo, dapat ilipat ng Kontroler mula sa Pangkalahatang

Pondo patungo sa Kuwenta sa Pagpapatatag ng Badyet ang mga sumusunod na halaga:

(1) Hindi lalampas sa ika-30 ng Setyembre, 2006, isang halagang katumbas ng 1 porsiyento ng tinantiyang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na 2006–07.

(2) Hindi lalampas sa ika-30 ng Setyembre, 2007, isang halagang katumbas ng 2 porsiyento ng tinantiyang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na 2007–08.

(3) Hindi lalampas sa ika-30 ng Setyembre, 2008, isang halagang katumbas ng 3 porsiyento ng tinantiyang halaga ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa kasalukuyang taon ng pananalapi.

(c) Ang paglipat ng mga salapi ay hindi dapat iatas ng subdibisyon (b) sa anumang taon ng pananalapi kung ang resultang balanse sa kuwenta ay humigit sa 5 porsiyento ng tantiya sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo na nakalagay sa panukalang-batas sa badyet para sa taong iyon ng pananalapi, gaya ng pinagtibay, o walong bilyon dolyar (\$8,000,000,000), alinman ang mas malaki. Ang Lehislatura ay maaari, sa pamamagitan ng batas, magtagubilin sa Kontroler, para sa isa o bigit na mga taon ng pananalapi, ilipat sa kuwenta ang mga halagang sobra sa mga antas ng iniaatas ng subdibisyong ito.

(d) Napapailalim sa anumang takdang ipinapataw ng seksiyong ito, ang mga pondong inilipat sa Kuwenta sa Pagpapatatag ng Badyet ay dapat ituring na mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa labat ng layunin ng subdibisyong ito.

(e) Ang paglipat ng mga salapi mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Kuwenta sa Pagpapatatag sa Pangkalahatang Pondo ay maaaring suspendihin o bawasan para sa isang taon ng pananalapi gaya ng tinukoy sa isang tagapagpaganap na utos na inisyu ng Gobernador nang hindi lalampas sa ika-1 ng Hunyo ng naumang taon ng pananalapi.

(f) (1) Sa mga salaping inilipat sa kuwenta sa bawat taon ng pananalapi, 50 porsiyento, hanggang sa kabuuang halagang limang bilyon dolyar (\$5,000,000,000) para sa labat ng taon ng pananalapi, ay dapat ideposito sa Subkuwenta ng Lumulubog na Pondo sa Pagreteriro ng Bono sa Pagbuti Mula sa Kakulangan, na nililikha rito para sa layuning iretiro ang mga bonong pagbuti mula sa kakulangan na inawtorisa sa Seksiyon 1.3, bilang karagdagan sa anumang ibang mga kabayaran itinataadhana ng batas para sa pagreteriro ng mga bonong iyon. Ang mga salapi sa subkuwenta ng lumulubog na pondo ay patuloy na inilalaan sa Tesorero para gastahin sa layuning iyon sa mga halaga, sa mga panahon, at sa paraang itinuturing na angkop ng Tesorero. Labat ng pondong natitira sa subkuwenta ng lumulubog na pondo pagkaraan na ang labat ng bono sa pagbuti mula sa kakulangan ay naitireto ay dapat ilipat sa kuwenta, at maaaring ilipat sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa talataan (2).

(2) Labat ng ibang mga pondong inilipat sa kuwenta sa isang taon ng pananalapi ay dapat ideposito sa subkuwenta ng lumulubog na pondo at maaari, sa pamamagitan ng batas, na ilipat sa Pangkalahatang Pondo.

Ikalima—Na ang panukalang-batas na ito ay dapat magkabisa lamang kung ang panukalang-batas sa bono na inilarawan sa Seksiyon 1.3 ng Artikulo XVI ng Konstitusyon, gaya ng idinagdag ng panukalang-batas na ito, ay isinumite sa at inaprobahan ng mga botante sa pambuong-estadong primaryang eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004.

Ikaanim—Na ang panukalang-batas na ito ay dapat isumite sa mga botante sa pambuong-estadong primaryang eleksiyon ng ika-2 ng Marso, 2004.

Secretary of State
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

FIRST CLASS MAIL
U.S. POSTAGE
PAID
SECRETARY OF
STATE



Primaryang Eleksiyon

English: 1-800-345-VOTE (8683)
Español/Spanish: 1-800-232-VOTA (8682)
日本語 /Japanese: 1-800-339-2865
Việt ngữ /Vietnamese: 1-800-339-8163
Tagalog/Tagalog: 1-800-339-2957
中文 /Chinese: 1-800-339-2857
한국어 /Korean: 1-866-575-1558

www.voterguide.ss.ca.gov

Opisyal na Patnubay na Impormasyon sa Botante

SUPLEMENTO

Sa pagsisikap na bawasan ang mga gastos sa eleksiyon, ang Lehislatura ng Estado ay nag-awtorisa sa Estado at mga county na magpakoreo ng isa lamang pamphlet sa mga direksiyon kung saan may isa o higit na botante na may iisang apelyido. Maaari kang kumuha ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pagsulat sa opisyal sa mga eleksiyon ng county o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-345-VOTE.



T